Ang iyong takdang aralin ngayong linggo ay sumulat ng isang o mas marami pang pagkakataon na natutukso na gumawa ng isang bagay na ayaw ng Diyos na iyong gawin, pero nagdesisyon ka na sundin ang Diyos.

**Basahin**

Unang Araw: Gen 15:1-6

Ikalawang Araw: Gen 15:7-21

Ikatlong Araw: Gen 21:1-6

Ikaapat na Araw: Gen 22:1-10

Ikalimang Araw: Gen 22:11-19



## 5. IPASA ANG PAGSUSULIT



Bayani: Abraham

Genesis 12:1-7, 15:1-6, 21:1-3, 22:1-19, Mga Hebreo 11:8-19

### ☀️ KAKABISADUHING TALATA 5

Santiago 1:12 “Mapalad ang taong nagtitiis ng tukso; sapagka't pagkasubok sa kaniya, siya'y tatanggap ng putong ng buhay, na ipinangako ng Panginoon sa mga nagsisiibig sa kaniya.”

### ☀️ KAILANGANG KUWENTO 5

Mahalagang mahalaga ang pagsusulit na ito. Ang lahat ay dapat maging handa para dito, dahil gagamitin nila ang resulta para pumili kung sino ang pupunta sa Olympics ng kaalaman. Yun ang dahilan kung bakit si Peppy ay inilaan ang buong araw sa pag-aaral ng hindi lumalabas sa maglaro—gusto niyang makuha ang pinaka mataas ng karangalan. Ang inaasahan na araw ay dumating. Ang lahat ay handa, sa kanilang upuan kasama ang kanilang matutulis na mga lapis. Dumating ang guro at binigay ang kanilang pagsusulit. Nasurpresa si Peppy, na ang pagsusulit ay nasa ibang paksa kaysa sa kanyang pinag aralan.



### ☀️ PANGUNAHING ARAL 5

Alamin natin ang tungkol sa isang tao na tinatawag na ama ng ating pananampalataya. Isang araw tinawag ng Diyos si Abraham na umalis sa bayan ng kanyang ama at sumunod sa Diyos, at sumunod si Abraham. Si Abraham at ang kanyang asawa ay hindi magkaanak. Sa isa sa mga pinaka importanteng sandali ng kanyang buhay, ipinangako sa kanya ng Diyos na magkakaroon siya ng anak kahit na siya ay matanda na. Hindi lamang yun, ang kanyang mga apo ay magiging isang malaking bansa at ang buong mundo ay magiging mapalad sa pamamagitan niya! Naniwala si Abraham sa Diyos at tinawag ang ito ng Diyos na kabanalan.

Pagkatapos ng ilang taon, si Abraham at si Sarah ay nagkaroon ng lalaking anak na nagngangalang Isaac. Ilang taon ang lumipas pagkatapos noon, hiniling ng Diyos kay Abraham na isakripisyo nito ang sariling anak, ang kanyang napakaespesyal na batang lalaki na kanyang sobrang mahal at iyon ay para matupad ang ipinangako ng Diyos kay Abraham! Iniisip ng Diyos na iligtas si Isaac, pero hindi niya ito sinabi kay Abraham muna. Naghintay ang Diyos at tiningnan kung gaano siya kamahal ni Abraham.

Minsan merong malaking plano ang Diyos para sa ating mga buhay, pero bago ito magkatotoo mayroong darating na mga pagsubok. Gustong malaman ng Diyos kung gaano natin siya kamahal. Ano ang hinihiling sayo ng Diyos ngayong araw? Minsan ito ay medyo masama na kailangan mong baguhin katulad ng bisyo, isang kaibigan na masamang impluwensiya, tumigil magsinungaling o magnakaw, o gawin ang mga gawaing bahay para sa iyong ina. Hindi laging masama, bagaman. Ang batang lalaki ni Abraham na si Isaac ay hindi ganoon kasama. Minsan magandang bagay din na ikaw ay nakikipagkumpitensya sa iyong pagmamahal sa Diyos. Para sa ibang tao, hinihiling ng Diyos sa kanila na isuko ang kanilang mataas na edukasyon dahil gusto nila ng importanteng titulo, para sa iba ay ipagpatuloy ang kanilang mataas na edukasyon dahil hindi nila gusto. Maaari itong maging instrumentong pangmusika, taong hinahangaan (isang taong gusto mo), o paboritong komika. Maraming mga Kristiyano ang hindi gusto na isuko ang isang bagay, at nananatili silang hindi umaabante sa kanilang pananampalataya at tumigil ng lumaki, katulad ni Peppy na nag-aral ng maling

WOW!



YEAH!!





paksa para sa pagsusulit. Kapag dumating ang sandali na ito para sa iyo pipiliin mo ba ang Diyos o ang ibang bagay, alin ang pipiliin mo?

Pinili ni Abraham na sumunod sa Diyos sa hindi kapani-paniwalang bagay na ito. Lumakad siya kay Isaac sa tuktok ng bundok, itinali siya, at inilagay siya sa dambana. Nang sa sandali na patayin ni Abraham si Isaac gamit ang kutsilyo, pinigilan siya ng Diyos! Ipinakita sa kanya ng Diyos ang isang lalaking tupa na nakulong sa isang kalapit na talahib at ito ang inaalay. Pero malinaw mahal ni Abraham ang Diyos kaysa sa anumang bagay sa mundo.

Ginawa din ng Diyos ang katulad nito nang ipinadala niya ang kanyang sariling anak na si Hesukristo para mamatay sa ating lugar. Sinabi ni Hesus na sa lahat ng bagay, gawin din natin sa iba kung ano ang gusto mong gawin nila sayo (Mateo 7:12) at pagkatapos ay isinagawa niya ang kanyang sariling salita sa pamamagitan ng pagbibigay niya sa atin ng kanyang buhay. Binigay sa atin ng Diyos ang lahat ng meron siya, at hinihiling niyang gawin din natin ito sa kanya.

Mahal ko ang Diyos kaysa sa anumang bagay sa mundo, at pinipili ko na ibigay ang lahat ng hilingin Niya sa akin.

## **PAGPAPASIYA 5**


Lubha siyang kinakabahan habang sumasagot sa siya sa kanyang pagsusulit. Pagkatapos ng lahat pinag-aralan ng guro ang mga papel ng pagsusulit at ibinigay sa kanila ang resulta. Lahat ay pumasa sa pagsusulit maliban kay Peppy. Nang mapagtanto ito ng kanyang mga kapwa mag-aaral ay tumawa sila sa kanya. Nalungkot ng sobra si Peppy.



## **AKTIBIDAD 5**

### **Mga biglaang pagsusulit**

Ang aktibidad na ito ay para mapagtanto kung ano ang pinaka gusto ng mga estudyante, mga bagay sa mundo o espirituwal na bagay. Sabihin sa mga bata na magkakaroon ng tatlong biglaang pagsusulit; at hindi nila malalaman kung tuwing kelan ito.



### **MGA PAGSUSULIT:**

1. Mag-iwan ng barya sa silid-aralan sa nakikita at malalapitan na lugar ng mga bata. Habang nagkklase, tingnan kung sino ang kukuha ng barya o kung ano gagawin nila kapag nakita nila ito. Ang mga bata ay makakapasa sa pagsusulit kapag hindi nito ito kinuha.
2. Magdala ng matamis, isa bawat bata, pero siguraduhin na hindi pantay ang matatamis na ito. Ang iba ay mas okey kaysa sa iba. Sabihin sa mga estudyante sa merong mga matamis para sa lahat at pumunta sa unahan ang lahat isa-isa para sa kanilang matamis. Ang bata ay pasado sa pagsusulit kapag hindi nito kinuha ang mas okey na matamis.
3. Bigyan sila ng oportunidad na maglingkod. Tanungin ang mga bata na tumulong maglinis ng silid-aralan pagkatapos ng klase. Ang bata na maayos maglinis ay pasado sa pagsusulit.

**KONKLUSYON:** Pagkatapos ng lahat ng tatlong pagsusulit, sabihin sa mga kung ano ang ebidensya , kung sino ang pumasa, at ipaliwanag kung bakit.





## KRONOLOHIYA 5

Iguhit ang buhay ni Abraham.

Tanong: Ilang taon si Noah ng ipinanganak si si Abraham?

Sagot: 890 taong gulang.

Tanong: Gaano katagal nabuhay si Abraham?

Sagot: 175 na taon.

## MGA SAGOT SA PALAISIPAN 5



A	L	A	N	I	N	B	U	A	Y	H	E
S	A	K	O	B	U	S	G	A	P	S	S
E	S	O	R	P	S	A	S	N	P	B	P
R	N	I	M	A	L	A	U	I	R	I	
P	O	D	T	A	Y	O	R	L	Y	O	R
R	B	U	H	A	Y	I	I	A	I	S	I
O	N	A	Y	I	T	S	I	R	K	O	T
S	M	A	D	U	O	I	N	A	A	Y	U
A	I	K	W	I	B	G	I	P	W	I	A
N	I	A	N	I	L	P	I	S	I	D	W
K	L	I	S	T	I	Y	A	B	N	O	L



## MGA TANONG AT MGA SAGOT 5

1. Ano ang gagawin mo kapag may pumalit sa pwesto mo sa isang bagay na napakaganda dahil sila ay mas mahusay kaysa sayo? (Talakayin kung paano mo hihilingin sa Diyos upang na ikaw ay hindi magalit, at sa halip ay patawarin ang ibang tao o ang guro. Maaaring pag-usapan din kung paano ka mag-aaral o magtatrabaho ng mas nagsusumikap sa susunod na oportunidad.

2. Ano ang iyong huling pagsusulit mula sa Diyos? (Maaring ito ay bata o matandang bata, maaaring sila ay nawala sa ilang panahon kapag sigurado na sila na tinulungan sila ng Diyos o hinamon sila ito. Bigyan sila ng oportunidad na magbahagi ng isang halimbawa, Ang isang halimbawa ay ang buhay ni Kristina, ang may akda ng kurikulum na ito: naalala ko ang maliliit na pagsubok nung ako ay bata pa. Noong ipinangako ko sa Diyos na hindi ako pupunta sa kahit na anong sayaw. Akala ko ay magiging madali itong gawin, pero ang aking simbahan ay merong sayaw! Nakakagulat! Talagang napakahirap na hindi tuparin ang aking pangako at hindi pumunta sa kaganapan ng Kristiyano).

3. Paano tayo makakapagbigay ng magandang grado sa ating espirituwal na buhay? (Dito dapat tayong maging maingat na huwag sanayin ang ating mga estudyante na maging mga Pareseo, na gumawa lamang ng "relihiyosong" bagay para makita ng iba. Tulungan silang makita ang pagkakaiba ng pagiging relihiyoso at sumusunod kay Hesus ng mula sa puso. Ang ginagawa mo ba ay para lamang kung ano ang dapat makita ng tao? Ginagawa ko ba ito dahil sa aking pakiramdam ay ito ang gusto ng Diyos na gawin ko, kahit na walang nakakakita sakin?)





## LARO 5

Hulaan ang bagay:

- Ipunin ang mga bagay (bulaklak, panulat, mga butones, bola, laso, hikaw, at iba pa). Huwag hayaan na makita ito ng mga bata.
- Piringan ang mga bata at hayaang silang hulaan ang mga bagay pagkatapos itong amuyin, pag-aralan, at iba pa.
- Maaari mong hatiin ang mga bata sa grupo at ilagay ang mga bagay sa supot at ipasa ito sa bawat grupo, para mas maraming mahawakan at mahulaan na mga bagay ang mga bata.



## PAGDALO 5


Ibigay ang kard para ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin na dumalo sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

**Abraham**

## TAKDANG ARALIN 5

Takdang aralin

Ang iyong takdang aralin ngayong linggo ay magsulat tungkol sa iyong panaginip, mga bagay na gusto mong magawa sa iyong buhay. Huwag matakot na magkaroon ng malaking pangarap. Ang mga ito ay maaaring maging mga paborito mong bagay, tulad ng pagiging astronaut, isang manlalangoy, sundalo, doktor, may-ari ng negosyo. Mangarap ng mataas-dahil malaki ang iyong Diyos. At hilingin sa Diyos kung merong bagay ka na gusto Niyang isuko mo, itama ito kasama ang iyong guro, at gawin ito ngayong linggo.



Basahin

Unang Araw: Gen 25:19-26

Ikalawang Araw: Gen 25:27-34

Ikatlong Araw: Gen 27:1-17


Ikaapat na Araw: Gen 27:18-29

Ikalimang Araw: Gen 27:30-45





## 6. PAHALAGAHAN ANG ESPIRITUWAL



Bayani: Isaac

Genesis 25:19-34, 27:1-40, Mga Hebreo 11:20

### ☀️ KAKABISADUHING TALATA 6

Marcos 8:36 "Sapagka't ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanglibutan, at mapapahamak ang kaniyang

buhay?"

### ☀️ KAILANGANG KUWENTO 6

Maaga pa ng utusan si Buzz ng kaniyang ina na pumunta sa bahay ng kanyang lola at humingi ng isang tasa ng asukal. Tumayo siya at pumunta sa bahay ng kanyang lola. Ang unang bagay na nakita niya sa mesa ay isang barya. Sumigaw siya: "Lola, lola," at hindi siya sumagot. Naisip ni Buzz, walang nakakakita sa akin, at kung mayroon akong barya, walang sinuman ang pagkakatuwagan ako dahil makakabili ako ng kendi. Kukunin ko ito, at walang makakapansin. Pagkaraan ng ilang minuto lumitaw ang lola at binigyan sa kanya ang tasa ng asukal.



### ☀️ PANGUNAHING ARAL 6

Noong nakaraang linggo natutunan nating ipasa ang pagsusulit. Ngayong araw na ito ay matututuhan nating patuloy na pahalagahan ang espirituwal na mga bagay kaysa sa pisikal na mga bagay.

Ang anak ni Abraham na si Isaac ay lumaki at nagkaroon ng sariling pamilya. Sa halip na pumili ng asawa para sa kanyang sarili, pinayagan niya ang kanyang ama na pumili para sa kanya (Genesis 24). At si Isaac at ang kaniyang asawang si Rebeca ay nagkaroon ng kambal, sina Esau at Jacob.

Isang araw ay dumating si Esau mula sa pangangaso at sa sobrang gutom naisip niya na mamamatay na siya! Siya ay sobrang nagnanais ng isang bagay na ibibigay niya ang anumang bagay para dito! Nais mo ba ng isang bagay na sobra na gagawin mo lahat para dito? Nagpasya si Jacob na linlangin si Esau. Sinabi niya na bibigyan niya ng pagkain si Esau bilang kapalit ng kanyang kapanganakan, at sinang-ayunan ito ni Esau! Ipinagpalit niya ang buong takbo ng kanyang buhay para sa isang mangkok ng sopas!!

Sa mga araw na iyon ay pagpapalain ng mga ama ang kanilang mga anak bago sila namatay. Si Isaac ay tumanda na at nawala ang paningin niya at nagplano na pagpalain si Esau. Subalit sumunod si Jacob sa payo ng kanyang ina, na magdamit ng tulad ni Esau at mapanlinlang na kunin ang pagpapala! Naisip ni Esau na ang isang mangkok ng sopas ay hindi magkakaroon ng isang pagkakaiba, ngunit nang gustohin niya mabalik ang kanyang kapanganakan, hindi niya ito mabawi! Nawala na ito sa kanya ng permanente!

Pinahalagahan ni Isaac ang espirituwal na mga bagay. Naniwala siya sa pangako ng Diyos na ang kanyang mga inapo ay magtataglay ng lupain, at pinagpala niya si Jacob sa mga pangakong iyon.

Ang Diyos ay may karapatan sa kapanganakan, isang plano at pagpapala para sa bawat isa sa atin. Ngunit kung hindi tayo maingat, maaari nating maipagpalit ang plano sa ating mga pagpipilian! Ang isang paraan upang gawin ito ay ang kasalanan. Kapag nagsinungaling ka at nagsabi na nakakuha ka ng isang mas mataas na grado kaysa sa ginawa mo, maaari kang tignan ng maganda sa maikling panahon, ngunit mawawala ang iyong kredibilidad! Kanina, nagplano si Buzz na kunin ang barya ng kanyang lola, ngunit si Peppy ay pumasok





sa bahay at iniligtas ang araw! Sinabi niya sa kanya na ang kanyang kaluluwa ay mas mahalaga kaysa sa isang barya, at ibinalik niya ang barya pabalik.

Pagka ikaw ay tumanda na, mas nagiging mapanganib na. Maraming Kristiyano ang nagpakasal sa isang tao batay sa hitsura o kalagayan sa halip na pagmamalasakit sa puso ng tao. Pagkatapos, kapag nais nilang paglingkuran ang Diyos, ang kanilang sariling asawa ay humadlang. At ang desisyon ng kung sino ang pakakasalan ay permanente! Si Esau ay nagpakasal sa mga kababaihan na nagpapabaliw kay Isaac at Rebekah (Genesis 27:46). Sa kabaligtaran, pinahahalagahan ni Isaac at ng kaniyang anak na si Jacob ang espirituwal sa pagpili ng isang asawa.

Sinabi ni Jesus na ang mga pag-aalala ng buhay na ito at ang pangdaraya sa kayamanan ay maaaring makapagpanatili sa iyo mula sa pagiging matagumpay, mula sa pagtanggap ng iyong karapatan sa pagsilang (Mateo 13:22). Tiyaking hindi mo hinahamak ang iyong kapanganakan at ipagpalit ito para sa kahit ano pa man, kahit na gaano mo itong hinahangad.

Pinipili ko ang pagpapahalaga sa espirituwal na mga bagay ng buhay kaysa sa pisikal na mga bagay.

### ☀️ **PAGPAPASIYA 6**

Sa sandaling iyon, na pumasok si Peppy sa bahay at iniligtas ang araw na iyon! Sinabi niya kay Buzz, ang iyong kaluluwa ay mas mahalaga kaysa sa barya! Napagtanto ni Buzz kung ano ang kanyang ginagawa, at ibalik ang barya ng mabilis, nagpasalamat sa kanyang kaibigang si Peppy.



### ☀️ **AKTIBIDAD 6**

#### Mga Paalala ng Desisyon

Sa aktibidad na ito, magtatali ang mga bata ng isang piraso ng laso sa isang aspile at gamitin ito upang matandaan ang mga mahahalagang desisyon na gagawin nila sa linggo. Ang laso ay maaaring ikabit sa isang artikulo ng pananamit. Magdasal ng samasamang upang ipaalala sa kanila ng Panginoon na gumawa ng mga espirituwal na pagpili.



### ☀️ **KRONOLOHIYA 6**



Gumuhit ng linya para sa buhay ni Isaac.

Tanong: Ilang taon na si Abraham nang isinilang si Isaac? Sagot: 100 taong gulang

Tanong: Gaano katagal nabuhay si Isaac? Sagot: 180 taon.

### ☀️ **MGA SAGOT SA PALAISIPAN 6**

J	L	A	N	A	M	A	P	B	A	S	B
G	A	L	U	B	A	B	D	U	A	S	E
P	K	A	M	A	G	H	O	L	C	A	S
H	I	T	H	P	H	P	N	C	A	P	A
E	S	P	I	R	I	T	U	W	A	L	B
H	I	N	N	I	N	W	S	M	S	J	S
W	P	G	D	S	T	A	G	U	I	U	A
A	M	D	I	T	A	P	A	K	N	L	B
L	B	J	A	C	Y	B	P	B	U	L	I






## **MGA TANONG AT MGA SAGOT 6**

1. Ano ang mga halimbawa na nagpapakita na pinahalalagaan natin ang espirituwal na mundo kaysa sa pisikal na mundo? (Hayaan ang mga estudyante na talakayin ang ilang mga ideya: mga kaibigan, trabaho, katanyagan, paglilingkod sa simbahan, atbp.).
2. Paano kung hindi mo gusto ang tila tama? (Bigyan ang mga estudyante ng oras upang sabihin ang kanilang mga karanasan).
3. Paano kung ako lang ang hindi sumasali? (Bigyan sila ng isang pagkakataon upang pag-usapan kung gaano kahirap gawin ang tamang bagay kapag walang iba pang gumagawa nito. Pag-usapan ang tungkol sa mga partikular na sitwasyon).

## **LARO 6**

### **Ang mabuti at masama**

Mahirap para sa mga bata na makilala ang mabuti at masama. Sa larong ito, gagawin natin ang pagkilala sa isang bagay na kumakatawan sa espirituwal na halaga.




Punan ang dalawang lalagyan sa kalahati ng hindi luto na bigas, maglagay ng 15 na maliliit na aspile sa bawat lalagyan. (Siguraduhin na ang lahat ng mga aspile ay mahigpit na sarado.) Ihalo nang mabuti ang mga bigas at aspile. Bumuo ng dalawang koponan. Takpan ang mata ng isang bata mula sa bawat koponan.

Kapag sinabi ng guro, "Pumunta," ang dalawang nakapiring na mga bata ay susubukan na hanapin ang mga aspile sa pamamagitan ng kanilang mga kamay, nang hindi tumitingin, at makakuha ng maraming hangga't maaari. Makikita nila na napakahirap pakiramdaman ang pagkakaiba sa pagitan ng bigas at aspile sa pamamagitan ng kanilang mga kamay lamang. Maglaan ng ilang minuto upang laruin at bilangin ang mga aspile ng bawat bata. Ang koponan na may mas maraming aspile ay ang panalo.

## **PAGDALO 6**

Ibigay ang kard para ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin na dumalo sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

**Isaac**



## **TAKDANG ARALIN 6**

### **Takdang aralin**

Ang iyong takdang-aralin sa linggong ito ay isulat ang tungkol sa iyong karapatan sa pagsilang, ang buhay na maaari mong kalakihan. Una, huwag isipin na ang karapatan sa kapanganakan ng iyong pamilya ay wala lang. Ito ay napakaraming halaga. Maaaring ito ay bilang isang mekaniko o isang inhinyero, o isang nars. Maaari kang gumawa ng pagkakaiba sa iyong kapitbahayan o sa iyong bansa. Ngunit isulat din ang tungkol sa iyong espirituwal na kapanganakan. Ikaw ay isang anak ng Diyos at nabibilang sa kanyang makapangyarihang pamilya. Ibinigay sa iyo ng Diyos ang iba't ibang mga kasanayan at kagustuhan, at







maaari niyang itong pagtrabahuan upang madala ka ng tagumpay sa kanyang espirituwal na pamilya. Maaari mo itong ipakita sa iyong guro, ngunit hindi mo kailangan. Ang iyong puso ay mahalaga sa Diyos.

### **Basahin**

Unang Araw: Gen 28:10-15

Ikalawang Araw: Gen 28:16-22

Ikatlong Araw: Gen 32:1-8

Ikaapat na Araw: Gen 32:22-27

Ikalimang Araw: Gen 32:28-32



## 7. PAGPAPALA NG DIYOS



**Bayani: Jacob**

Genesis 27:41-28:2, 28:10-15, 28:20-22, 31:3-13, 31:22-24, 32:9-12, 32:22-30, 33:1-11, 35:1-5, Mga Hebreo 11:21

### **KAKABISADUHING TALATA 7**

Lucas 11:28 "Datapuwa't sinabi niya, Oo, bagkus na lalong mapapalad ang nangakiking ng salita ng Dios, at ito'y ginaganap."

### **KAILANGANG KUWENTO 7**

Si Comet ay may isang kaibigan na palaging inaanyayahan siya sa mga pagtitipon, ngunit isang araw ay nakita niya na ang lahat ng mga bata sa mga pagtitipon ay masama ang ikinikilos. Hindi tama ang pakiramdam niya sa mga pagtitipong ito. Alam niya na hindi gusto ng Diyos ay kapag ang mga bata ay kumikilos nang masama. Pagkatapos ng isang bakasyon, inanyayahan siya ng kaibigan niya sa isa pang pagtitipon at sinabi na ang pagtitipong ito ang magiging pinakamasaya. Gusto talaga ni Comet na pumunta, ngunit matatag siya at sinabing, "Hindi." Nang marinig ito ng kanyang kaibigan, sinabi niya: "Kung hindi ka sasama sa akin, hindi na ako makikipag-usap sa iyo muli. Mawawala ang iyong pinakamatalik na kaibigan." Sobrang nalungkot si Comet dahil dito. Hindi niya alam kung ano ang gagawin. Alam niya na ang pagpunta sa pagtitipon ay mali, ngunit ayaw niyang mawala ang kanyang kaibigan.



### **PANGUNAHING ARAL 7**

Sa buhay mayroon tayong isang pagpipilian upang labanan para sa materyal na mga bagay (pisikal) o pagpapala ng Diyos (espirituwal). Matapos kunin ang karapatan sa kapanganakan ni Esau, tumakas si Jacob sapagkat inisip niya na papatayin siya ni Esau (pisikal), ngunit hinahabol din niya ang pagpapala ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga magulang (espirituwal). Sa daan, sinasabi ng Bibliya na ang kanyang tanging pag-aari ay isang tungkod (pisikal). Habang natutulog, nagkaroon siya ng isang panaginip kung saan nakita niya ang mga anghel na umaakyat at bumababa sa isang hagdanan papunta sa langit, at ipinangako sa kanya ng Diyos (espirituwal) na maraming mga inapo niya ang magtataglay ng lupain. Hiniling ni Jacob na makasama siya ng Diyos (espirituwal), na mas mahusay kaysa sa anumang pagmamay-ari.

Nakilala ni Jacob ang kanyang kamag-anakan, kasal, may mga anak, at nagtrabaho para sa kanyang tiyuhin na si Laban sa loob ng 21 taon! Niloko siya ng kanyang tiyuhin nang paulit-ulit (pisikal). Ngunit ang Diyos ay kasama ni Jacob at binasbasan siya (espirituwal) na may malaking pamilya at yaman (pisikal). Kahit na si Laban ay pinagpala din dahil kay Jacob! (Genesis 30:27) Minsan, ang pagpapala ng Diyos sa ating buhay ay nararamdaman din sa mga tao sa ating paligid. Ngunit nang magalit si Jacob at tumakas mula kay Laban (pisikal), ang Diyos ay nakipag-usap kay Laban at pinoprotektahan si Jacob (espirituwal).

Si Jacob ay natakot na bumalik sa bahay! Paano kung gusto pa rin ni Esau na patayin siya? Hinati niya ang kanyang pamilya at mga pag-aari sa mga grupo kaya kung ang isang grupo ay sinalakay, ang iba ay makalayo (pisikal). Tuwing gabi, nakipagbuno siya sa Diyos para sa kanyang pagpapala (espirituwal).





Sa pagkabigla ni Jacob, tumakbo si Esau at niyakap siya! At binigyan ni Jacob si Esau ng isang malaking regalo. Kapag pinahahalagahan natin ang pagpapala ng Diyos nang higit kaysa sa materyal na mga pagpapala, tayo ay nagiging mapagbigay sa halip na matakot sa mga tao.

Nang maglaon, sinabi ng Diyos kay Jacob at sa kanyang pamilya na alisin ang anumang iba pang mga diyos, kaya ibinaon nila ang kanilang mga idolo at mga singsing na ginto (pisikal). Nang ginawa nila iyon, ang sinuman na nais na manakit sa kanila ay natatakot! (Espirituwal) Sinabi ni Jacob, "Ang Diyos ... ay kasama ko kung saan ako napunta." (Genesis 35: 3)

Tulad ni Jacob, nabubuhay tayo sa isang daigdig na may pisikal na panig at espirituwal na panig. Ang buong mundo ay nakikipaglaban para sa higit pang katayuan, mga laruan, magandang hitsura, katanyagan, at mas magandang mga kwalipikasyon. Kahit na ang mga Kristiyano ay maaaring pumunta sa simbahan at sabihin na sumasang-ayon kami sa Biblia, pagkatapos ay gugulin ang aming mga buhay paglaban para sa materyal na mga bagay, kahit na sinabi ni Jesus na hindi ka maaaring maglingkod nsa parehong Diyos at pera (Lucas 16:13).

Mas mabuti na makipaglaban para sa mga espirituwal na pagpapala ng Diyos. Maaari tayong makipaglaban upang maging mas malapit sa Diyos, maglingkod sa Diyos, maglingkod sa simbahan, at sabihin sa iba ang tungkol sa Kanya. Maaari tayong makipaglaban upang ganap na buksan ang ating mga puso sa Diyos at walang itinatago mula sa Kanya. Maaari tayong makipaglaban upang ilagay ang iba sa ating sarili at gawin kung ano ang nakalulugod sa Diyos. Sinabi ni Jesus na ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at sumusunod ay pinagpala (Lucas 11:28). Tulad ng sa buhay ni Jacob, kung minsan ang mga biyaya ng Diyos ay dumating bilang mga materyal na bagay; madalas na dumating sila bilang ibang bagay, tulad ng proteksyon o pagbabago ng mga puso. Si Comet, kanina, ay makikipaglaban para sa pagpapala ng Diyos sa pamamagitan ng hindi pagpunta sa mga pagtitipon.

Pinipili kong makipaglaban para sa espirituwal na pagpapala sa halip na materyal na mga pagpapala.

## **PAGPAPASIYA 7**


Masyado siyang nalungkot, kaya nang lumapit si Taffy sa kanya nagtanong siya, "Ano ang nangyari?" Ipinaliwanag ni Comet kung ano ang nangyari. Saka sinabi sa kanya ni Taffy na huwag magramdam- ang paglulugod sa Diyos ang pinakamagandang pagpili. Ang Diyos ay may higit pang mga kaibigan kaysa kahit na sino. Huwag mag-alala tungkol sa pagkawala ng isang kaibigan dahil hindi dumalo sa isang pagtitipon. Tinapik niya ito sa likod at umalis. Naunawaan ni Comet at nagpasyang palugdan ang Diyos at huwag pumunta sa pagtitipon na iyon.



## **AKTIBIDAD 7**

### **Pakikipaglaban para sa mga pagpapala**

Isulat ang "PAKIKIPAGLABAN PARA SA PAGPAPALA," sa isang tabla ng poster at ilagay ito sa dingding. Sumulat ng maraming pagpapala sa maliliit na piraso ng papel. Ikalat ang mga pagpapala sa silid sa pamamagitan ng pagtatago sa kanila sa ibabaw at ilalim ng mga bagay. Ang mga bata ay hahanapin ang mga pagpapala at ilagay ang mga ito sa kard na may markang "PAKIKIPAGLABAN PARA SA PAGPAPAL." Kapag natapos na ang nakatakandang oras, patayuin ang mga bata sa harap ng tabla ng poster at magpalitan ng pagbabasa nang pagpapala nang malakas. Hilingin sa mga bata na itaas ang kanilang mga kamay kung nakatanggap sila ng anumang pagpapala na kanilang nabasa.







## ☀️ **KRONOLOHIYA 7**


Gumuhit ng linya para sa buhay ni Jacob.

Tanong: Ilang taon na si Isaac nang ipinanganak si Jacob? Sagot: 60 taong gulang

Tanong: Gaano katagal nabuhay si Jacob? Sagot: 147 taon.

## ☀️ **MGA SAGOT SA PALAISIPAN 7**

K	A	N	A	M	J	A	N	G	H	L
P	I	N	A	G	P	A	L	A	E	E
I	I	S	R	A	E	L	C	U	Y	H
N	A	T	D	T	N	S	Q	O	S	G
I	Y	R	I	R	U	A	S	E	B	N
G	I	I	T	I	R	E	C	N	A	A
A	L	N	A	B	A	M	U	L	Y	A
N	B	B	P	O	S	O	Y	I	D	G
A	I	M	A	T	O	P	O	S	E	M
P	B	O	K	J	A	C	Q	B	A	K



## ☀️ **MGA TANONG AT MGA SAGOT 7**

1. Mali bang gustuhin ang pinakamabuti para sa aking sarili? (Subukan nating pag-usapan ang tungkol dito. Mabuti para kay Jacob na makipaglaban kasama ang Diyos para sa pinakamabuti. Kailangan nating ilagay ang iba muna, gayunman, dapat nating pangalagaan ang ating kaluluwa at espiritu, na gusto ang pinakamagandang pagpapala para sa ating sariling buhay!).

2. Ang pinakamahalaga ay gusto ako ng lahat, tama ba? (Hayaang ipaalam sa kanila ang kaigtingan sa pagitan ng pagmamahal sa iyong kapwa ngunit paglalagay sa una ng Diyos. Sinasabi ng Bibliya na dapat tayong mamuhay nang payapa kasama ng lahat ng tao hangga't maaari (Roma 12:18), ngunit kailangan nating sundin ang Diyos kahit anong desisyon ng ibang tao (Juan 21: 22). Talakayin ang mga tiyak na sitwasyon).

3. Kung mali ako o makagawa ng mga pagkakamali maaaring mawala ang pagpapala ng Diyos para sa akin? (Tandaan ang aralin noong nakaraang linggo? Nawala ang lahat kay Esau sapagkat ang kanyang mga pagpapahalaga ay mali. Nakatanggap si Jacob ng higit pang pagpapala dahil nakipaglaban siya para dito!).

## ☀️ **LARO 7**

### **Labanan ng Bote**

Maglagay ng kaunting buhangin sa isang walang laman na bote ng soda upang bigyan ito ng kaunting timbang.

- Pumili ng base.
- Pumili ng isang bata upang maging tagahanap.
- Ang tagahanap ay ibabato ang bote ng malayo haggat sa maari.





- Ang lahat ng mga bata tatakbo upang magtago, tatakbo sa kabilang direksyon mula sa kung saan ang bote ay ibinato. Kailangan nilang magtago bago maabot ng tagahanap ang bote.
- Matapos ibalik ang bote sa base, hahanapin ng tagahanap ang isa sa mga nakatagong bata upang hulihin ito.
- Kapag nakahanap siya ng isa, tatakbo sila sa base. Ang tagahanap ay kukunin ang bote at ipapalo sa base sasabihin, halimbawa, "1, 2, 3, si Lucy sa likod ng puno." Pagkatapos ang tagahanap ay aalis upang maghanap ng isa pang bihag.
- Maaaring iligtas ng sinuman sa mga nakatago na bata ang iba tulad ng sumusunod: nang hindi siya nahuhuli ng tagahanap, dapat tumakbo si Tony sa base at kunin at ipalo ang bote sa lupa na nagsasabi, "1, 2, 3 para sa akin at sa lahat ng aking mga kaibigan." Ang tagahanap ay mawawala ang mga bihag at maililigtas ni Tony ang kanyang mga kasamahan.
- Kung walang nasagip, at nahanap ng tagahanap ang lahat ng iba pang mga manlalaro, siya ang magiging panalo.
- Upang laruin muli, ang unang nahuli ang magiging tagahanap.

## **PAGDALO 7**

Ibigay ang kard para ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin na dumalo sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

**Jacob**

## **TAKDANG ARALIN 7**

**Takdang aralin**

Ang iyong takdang-aralin sa linggong ito ay matandaan kung ano ang iyong naisip at isinulat ng huling dalawang linggo; ang iyong mga pangarap at ang iyong karapatan sa kapanganakan. Pag-isipan muli ang mga ito, ngunit isipin din kung paano mo masisira ang mga ito sa pamamagitan ng paggawa ng ilang mga bagay. Kung ikaw ay mapanghimagsik sa bahay, maaari maaapektuhan ng seryoso ang iyong natural na karapatan sa kapanganakan. Kung nangangarap ka maging isang doktor o inhinyero, maaari mong sirain ang pangarap na iyon sa pamamagitan ng hindi pagiging mabuti sa paaralan. Kung ang iyong pangarap ay nangangailangan ng mabuting kalusugan, maaari mong sirain ang pangarap na iyon para sa iyong sarili sa paninigarilyo, droga, o alkohol. Isulat kung paano mabuhay upang makamit mo ang iyong mga pangarap at ang iyong karapatan sa kapanganakan.

**Basahin**


Unang Araw: Gen 37:1-11

Ikalawang Araw: Gen 37:12-24

Ikatlong Araw: Gen 37:25-36

Ikaapat na Araw: Gen 41:1-13

Ikalimang Araw: Gen 41:25-41



## 8. MAGTIWALA SA DIYOS



**Bayani: Jose**

Genesis 37:2-11, 37:17-36, 39:1-41:13, 41:14-16, 41:28-40, 41:56-42:5, 45:1-15, 47:5, Mga Hebreo 11:22

### **KAKABISADUHING TALATA 8**

Mga Taga-Galacia 6:9 “At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod.”

### **KAILANGANG KUWENTO 8**

Si Peppy ay nasa eskuwelahan at sa tabi niya ay kanyang kaibigan na si Zip. Gustong gusto nila ang pumapasok sa paaralan. Ngayong umaga hiniling ng guro na gumawa sila ng kuwento. Gusto itong gawin ni Peppy, kaya ginawa niya agad ito. Siya ang pinaka unang natapos at agad sinabi na, “Guro, tapos na ko.” Pumunta agad ang guro sa kanya at sinabing, “Zip, hindi ay hindi kagiliw-giliw basahin.” Nagalit ng sobra si Peppy, at sinabi, “Dahil hindi naman nagbibigay pansin sa akin, hindi ko gagawin ang kahit ano mang sabhin niya sa akin. Gayon pa man, hindi niya nauunawaan ang ginagawa ko.”



### **PANGUNAHING ARAL 8**

Si Jacob, na siyang ating natutunan nung nakaraang linggo, ay merong 12 na mga anak. Ang paboritong anak ni Jacob ay si Joseph, at binigay niya ang kanyang magarbong diyaket sa kanya. Samantala, si Joseph ay nagkaroon ng panaginip kung saan pinamunuan niya silang lahat, at ang kanyang mga kapatid na lalaki na sobrang nasusuklam sa kanya pinagplanuhan nila itong patayin! Sa halip, ibinenta nila ito sa pagkaalipin. Madalas sa tingin ng mga Kristiyano na ang biyaya ng Diyos ay magpapanatili ng kahit anong masama na mangyari sa atin. Pero ginagamit ng Diyos ang mahihirap na panahon para ihanda tayo para sa kanyang plano, at mapagkakatiwalaan natin siya.

Si Joseph ay naibenta kay Potiphar, ang kapitan ng bantay sa Ehipto. Sa halip na maglampaso, pinagkatiwalaan niya ang Diyos at ginawa ang lahat ng makakaya niya at nailagay siya sa tahanan ni Potiphar! Ang asawa ni Potiphar ay mayroong gusto kay Joseph at gustong matulog kasama ito. Takot si Joseph sa Diyos at ayaw niyang gumawa ng mali. Kapag merong taong laging tinutukso kan na gumawa ng mali, gawin kung anong ginawa ni Joseph; tumanggi kahit na nasa isang silid ka kasama ang taong yon. Pero kahit ginawa ni Joseph ang tama, siya ay inakusahan, at hindi makatarungang itanpo sa kulungan!

Si Jose ay nagtiwala sa Diyos, at pinagpala siya ng Diyos at pinamahalaan niya ang buong bilangguan! Ang panadero ni Pharaoh's at tagahalon ay pumunta sa bilangguan, at isang gabi nagkaroon sila ng panaginip. May tiwala si Joseph na ibibigay sa kanya ng Diyos ang interpretasyon. Namatay ang panadero, at ang tagahalo ay nakuha muli ang kanyang posisyon, katulad mismo ng sinabi ni Joseph. Pero ang tagahalo ay nakalimutan si Joseph! Hindi makatarungan muli!

Dalawang taon ang nakalipas, nagkaroon ng panaginip si Pharaoh, at naalala ng tagahalo si Joseph. Nagsanay si Joseph na magtiwala sa Diyos, at pinagkatiwalaan niya ang Diyos sa harap ni Pharaoh. Ang interpretasyon ay magkakaroon ng mga butil sa loob ng 7 na taon, pagkatapos ay magkakaroon ng matinding taggutom sa







loob ng 7 na taon. At si Pharaoh ay ginawang punong ministro si Joseph ng Ehipto pagkatapos ng kanyang pagiging alipin sa loob ng 13 na taon at pagkakabilanggo! Sinanay ng Diyos si Joseph na pamunuan ang bansa ng maayos, hindi para kay Joseph, pero para iligtas ang lahat.

Ang taggutom ay sobrang na lahat ng tao ay sobrang gutom, kasama ang pamilya ni Joseph. Pati ang mga kapatid na lalaki ni Joseph na nagbenta sa kanya upang maging alipin ay kailangan si Joseph para iligtas sila sa pamamagitan ng butil! Pero hindi nila ito nakilala, at sinubukan niya sila kung sila ay nagbago na. Pinatawad ni Joseph ang kanyang mga kapatid na lalaki at binigyan sila ng pinaka magandang lupa sa bansa. Kapag nagtiwala ka sa Diyos, mapapatawad natin ang iba at tratuhin sila ng maayos.

Tulad ni Joseph, trinato si Hesus ng hindi makatarungan. Siya ay inakusahan kahit wala siyang ginawang masama. Pagkatapos ay pinatay sa krus! Tulad ni Joseph, pinagkatiwalaan niya ang Kanyang Ama sa lahat ng pinagdaanan niya. Naging punong ministro, pero si Hesus ay naging hari ng buong sansinukob! Hiniling sa atin ng Diyos na pagkatiwalaan siya sa ating mahihirap na sandali at nangako na mananatili sa tabi natin. Sinasabi sa kasulatan na sa lahat ng bagay na sa lahat ng mga bagay ay nagtatrabaho para sa mabuti sa mga taong totoong mahal siya (Romans 8:28). Papayagan mo ba ang Diyos na gamitin ang mahihirap na sandali para ikaw ay ihanda sa anumang nasa isip niya?

Pinipili kong magtiwala sa Diyos sa aking buhay, kahit na maging mahirap ang mga bagay-bagay.

## **PAGPAPASIYA 8**


At ang kanyang kaibigan na si Buzz ay napagtanto kung ano ang nangyari kay Peppy. Kinausap niya ito at kinumbinsi na ang pagiging masunurin ay ang kalidad ng meron dapat ang mga Kristiyano araw-araw. Maaaring ang kanyang guro ay hindi siya narinig kaya hindi siya sinagot ng matapos niya ang pagsusulit niya. Napagtanto ni Peppy na hindi tama ang ugali niya, at ipinapatuloy niya ang kanyang pagsusulit ng maayos kasama ang kanyang guro.



## **AKTIBIDAD 8**

### **Kumpansiya Talaarawan.**

Ang mga bata ay gumawa ng talaarawan upang sumulat kung paano pagkatiwalaan ang Diyos sa loob ng isang linggo. Bigyan ang bawat bata ng dalawang sangkapat ng piraso ng papel. Pagsasama-samahin ng mga bata ang mga peraso ng papel, tutupiin at staple sa gitna upang makagawa ng buklet. Pagkatapos ay pinalamutian nila ang takip nito.



Isulat kung paano nila pagkatiwalaan ang Diyos araw-araw ngayong linggo sa talaarawan. Tulungan sila sa pamamagitan ng paggawa nito sa unang araw ng klase.

## **KRONOLOHIYA 8**

Iguhit ang buhay ni Joseph.

Tanong: Ilang taon si Jacob ng ipanganak si Joseph? Sagot: Walang saktong oras, pero sinasabi na si Jacob ay 100 taong gulang.



Tanong: Gaano katagal nabuhay si Joseph? Sagot: 110 taon.





## ☀️ MGA SAGOT SA PALAISIPAN 8

P	A	G	H	I	H	I	G	A	N	T	I	M
I	A	N	A	K	E	N	T	M	U	A	I	A
I	T	N	A	G	I	H	I	G	A	P	H	P
K	B	M	G	A	K	A	P	A	T	I	D	A
A	A	I	Y	A	N	K	A	K	A	N	U	N
A	L	P	N	O	A	I	G	U	S	P	B	G
M	O	K	A	E	N	N	A	L	A	L	M	A
O	N	R	H	G	N	U	N	A	T	A	L	R
G	A	U	K	Y	C	T	I	Y	I	N	S	A
F	I	N	I	P	I	L	A	G	N	O	M	P
G	A	L	I	T	K	E	S	O	J	U	P	I
D	I	Y	F	O	S	O	Y	I	D	N	O	N



## ☀️ MGA TANONG AT MGA SAGOT 8

1. Meron bang mga bagay na hindi magagawa ang Diyos? (Wala, sinasabi ng Biblia na ang Diyos ay makapangyarihan. Nakikita niya ang lahat at nauunawaan ang lahat mula sa simula ng araw hanggang sa hinaharap).
2. Bakit hinahayaan ng Diyos ang masasamang bagay na mangyari sa atin? (Sa kaso ni Joseph, ginamit ng Diyos ang masasamang bagay na nangyari para ilagay si Joseph kung saan kailangan siya ng Diyos at sinanay ito. Mas mahalaga sa Diyos ang ating kaluluwa, kaya maraming “masama” na bagay ang hindi talaga masama para sa atin, at ibinigay ng Diyos ang kanyang pahintulot sa mga demonyo para pumasok sa mundo. Kaya merong kamatayan, lindol, pagguho, at maraming mga tao ang gumagawa ng masamang bagay, at nakakaapekto ito sa parehong mga Kristiyano at mga hindi naniniwala).
3. Bakit ang ibang mga relihiyoso ay hindi mabuti? (Sinasabi ng Biblia na ang ito lamang ang tanging paraan para maligtas tayo ng Hesukristo. Ano ang ibang sinasabi ng relihiyon na iyong dapat gawin upang maging tama ka para sa Diyos?)

## ☀️ LARO 8


### Ang Lubid

- Itali ang lubid sa magkakaibang puno o poste at isang metro ang pagitan, at lagyan ng etiketa na nagpapahiwatig ng mga numero 1, 2 at 3.





- Tumawag ng anim na taggers (depende kung ilang estudyante meron ka sa klase) na siyang susubukang itag ang iba.
- Ang ibang bata ay kakalat sa arko mga 10 metro mula sa puno. Ilagay ang anim na tagger sa pagitan ng mga bata at mga puno.
- Kapag sinabi ng guro na, “Hawakan ang lubid,” lahat ng bata ay hahawakan ang mga lubig kasama ang anim na tagger na hinahawakan sila. Kung sino ang matag ay hindi manigas.
- Kapag naabot nila ang lubid, at meron ng naunang bata sa lubid, kailangan nilang hawakan ang kamay ng bata para magsimula o pahabain ang linya. Lahat ng bata na hinahawakan ang kubid o konektado sa linya ng mga bata sa lubid ay ligtas at hindi pwedeng manigas.
- Kapag ang lahat ay konektado na nanigas na, humihip sa pito upang maipagpatuloy ang laro. Isisigaw ng guro ang numero 2 o numero 3, at ang mga bata na konektado sa lubid at dapat pakawalan ang kanilang lubid at humawak ng iba ng hindi natatag. Ang mga batang nanigas ay pwedeng makatakbo sa sandali na yun. Ang anim na tagger ay kailangan itaguyod ang anim na hakbang bago magsimulang muli ang laro upang magbigay ng oportunidad sa mga bata na tumakbo.
- Ang guro ay hinding hindi isisigaw ang numero 1 dahil kapag ang lahat ng bata ay nasa lubid numero 1 o naninigas matatapos na ang larro.
- Patuloy na maglaro hanggang sa makita ng mga bata na palagi silang makakaasa sa lubid 1, at lahat ay mag-unahang tumakbo doon.
- Tanungin ang mga bata kung bakit ang pagtakbo sa lubid 1, habang ang 2 at 3 ay bakante.
- Pagusapan kung bakit paano naging parehas ito sa pagtitiwala sa Diyos. Lagi siyang tapat, at kapag tumakbo tayo sa kanya sa una, hindi na tayo tatakbo pa.



### **PAGDALO 8**

Ibigay ang kard para ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin na dumalo sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

**Jose**



### **TAKDANG ARALIN 8**

**Takdang aralin**

Ang iyong takdang aralin ngayong linggo ay patawarin ang mga tao. Lahat tayo ay naranasan ang hindi maitrato ng tama. Nagagalit tayo at gusto maghiganti, o maaari nating piliin na magpatawad at magtiwala sa Diyos. Ngayong linggo tuwing naiisip mo kung paano ka sinaktan ng ibang tao, isipin mo din na, “Pinatawad ko na sila.” Hindi mo na ito kailangan sabihin sa taong nanakit sayo, pero pwede mo itong sabihin ng malakas kapag mag-isa ka lang. Sa ganitong paraan ay mapapakawalan mo ang iyong galit, at magiging masaya ka ulit. Ikaw ay katulad ng makalangit Ama, Diyos, dahil pinapatawad niya tayong lahat. Mas lalo mong pinapatawad ang mga tao, mas lalong magiging malaya ang iyong pakiramdam.

**Basahin**

Unang Araw: Ex 3:2-10

Ikalawang Araw: Ex 7:10-11, 20-21, 8:6-8, 16-22

Ikatlong Araw: Ex 9:2-3, 6-19, 10:3-5, 21-23

Ikaapat na Araw: Ex 11:4, 12:12-14, 29-30







Ikalimang Araw: Ex 14:5-9, 13, 21-27



## 9. IWANAN ANG KASALANAN



**Bayani: Moses**

Exodo 1:1-2:15, 3:1-12, 4:10-17, (7:8-13:42), 14:5-31, Mga Gawa 7:20-34, Mga Hebreo 11:23-29

### **KAKABISADUHING TALATA 9**

II Kay Timoteo 2:21 “Kung ang sinoman nga ay malinis sa alin man sa mga ito, ay magiging sisidlang ikapupuri, pinakabanal, marapat gamitin ng mayari, nahahanda sa lahat ng gawang mabuti.”

### **KAILANGANG KUWENTO 9**

Si Comet ay nagmamadaling tumakbo sa tindahan dahil nagluluto ng hapunan ang kanyang nanay at kailangan agad ng isang itlog. Dumating siya sa tindahan at tumawag nang malakas, ngunit walang tao. Nakakita siya ng pera sa counter. Tila may nakalimot nito. Dahil walang tao sa paligid, tinitigan niya ang pera, at kinuha ito.

### **PANGUNAHING ARAL 9**

Lumaki ang pamilya ni Jacob sa bansang Israel. Ngunit ginawa silang alipin ng mga Ehipsiyo at nagpasya ang Paraon na patayin ang lahat ng kanilang mga anak na lalaki. Isang Israelitang babae ang pinalutang ang kanyang anak na sanggol na lalaki sa isang basket sa ilog ng Nilo. Inampon siya ng anak na babae ng Paraon at tinawag siyang Moises. Nagpakita si Moises ng pananampalataya sa Diyos sa pagtalikod sa kanyang posisyon sa maharlikang pamilya ng Ehipto upang maging bahagi ng bayan ng Diyos. Nais niyang iligtas ang Israel, ngunit naging sagabal ang kanyang kasalanan. Isang araw pumatay si Moises ng isang taga-Ehipto dahil sa pananakit sa isang Israelita. Ngunit ang puso ni Moises ay may isa pang kasalanan: pagmamataas. Akala ni Moises ay maililigtas niya ang Israel sa paraang gusto niya. Sinasabi sa Biblia na sinasalungat ng Diyos ang palalo ngunit binibiyayaan ang mapagpakumbaba. Tulad ng ginawa ng Diyos sa puso ni Jose, kinailangan ng Diyos na ayusin ang puso ni Moises. Nalaman ito ni Moises at tumakas siya para sa kanyang buhay at nanirahan sa disyerto.



40 taon na ang lumipas, dumating ang Diyos at nagsalita sa kanya mula sa palumpong na umaapoy ngunit hindi nasusunog. Sinabi ng Diyos kay Moises na bumalik, ngunit sa pagkakataong ito ang Diyos ang siyang magliligtas sa mga Israelita, at gagawin ni Moises ang paraan ng Diyos. Nalaman ni Moises na hindi niya maililigtas ang Israel, na hindi siya magaling sa pakikipag-usap at pamumuno sa mga tao. Ngunit diperpekto iyon! Madalas ginagamit tayo ng Diyos sa isang bagay na hindi tayo magaling, upang malinaw na ginagawa ito ng Diyos sa pamamagitan natin.

Kaninang umaga narinig natin ang tungkol sa pagnanakaw ng pera ni Comet sa tindahan. Hindi magagamit ng Diyos si Comet kung siya ay nagnanakaw. Kung tayo ay magsisisi o iiwan ang ating pagmamataas at kasalanan, maaari tayong gamitin ng Diyos. At kapag tinawag tayo ng Diyos, hindi tayo matatakot dahil alam natin na gagawin ito ng Diyos sa pamamagitan natin.

Sa Ehipto, ginamit ng Diyos si Moises upang iligtas ang mga Israelita na may pinakamalaking pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa kasaysayan. Nagdala ng sampung salot ang Diyos sa Ehipto: ginawang dugo ang tubig, palaka, kuto, langaw (o niknik), pagkamatay ng mga alagang hayop, bukol, pag-ulan ng yelo, balang, kadiliman, at sa huli namatay ang lahat ng panganay na lalaki sa Ehipto. Sa huling salot, sinabi ng Diyos sa

**WOW!**

**YEAH!!**



mga Israelita na pumatay ng tupa upang kainin at ilagay ang dugo sa kanilang mga pintuan. Sa bawat bahay na susunod sa Diyos, ang mga panganay na lalaki ay maliligtas. Isa itong larawan ng Diyos na ipapadala ang Kanyang anak na si Hesus upang mamatay para sa atin na tulad ng isang tupa. Maraming tao ang sinusubukang iligtas ang kanilang sarili sa kanilang sariling paraan sa halip na maniwala kay Hesus, magsisi, at sumunod sa Diyos. Pipiliin mo ba ang daan ng Diyos?

Sumunod ang Israel sa Diyos patungo sa pulang dagat, at hinabol sila ng mga taga-Ehipto! Sinabi ni Moises sa mga Israelita na hindi sila dapat matakot, na lalaban para sa kanila ang Diyos at ililigtas sila. Pagkatapos ay hinati ng Diyos ang Pulang Dagat at ang mga Israelita ay naglakad sa tuyong lupa na may pader ng tubig sa magkabilang tabi, ngunit ang mga taga-Ehipto ay nalunod. Pinangunahan ni Moises ang mga Israelita sa buong buhay niya ng may pagpapakumbaba at halos buong pagsunod sa Diyos.

Pinipili kong magsisi sa aking mga kasalanan at manatiling malinis sa harap ng Diyos.

### **PAGPAPASIYA 9**

Si Comet ay nagkaroon ng oportunidad na gumawa ng mabuti at ibalik ang pera sa tindahan. Palagi niyang iniisip ang tungkol dito, at ang kanyang kaibigan na si Peppy, na labis na tapat, ay dumating. “Kailangan kita”, sinabi ni Comet. Sa tulong ng kanyang kaibigan, ginawa niya ang tama at ibinalik ang pera.



### **AKTIBIDAD 9**

#### **Magkuwento**

Magdala ng magazine o ginupit na larawan ng mga tao, lugar, at gamit na dadalhin sa klase (iwasan ang kakatwa o hindi naaangkop na larawan). Maggrupo ng dalawang bata o higit pa. Bawat bata ay gagamitin ang mga ginupit na larawan mula sa magazine upang lumikha ng kuwento na may kasamang kasalanan, pagsisisi, at bagong buhay.



### **KRONOLOHIYA 9**

Iguhit ang linya ng buhay ni Moises.

Tanong: Ilang taon ang lumipas mula sa pagsilang kay Jose hanggang sa pagsilang kay Moises? Sagot: Wala kaming eksaktong panahon, ngunit ito ay nasa 380 taon

Tanong: Gaano katagal nabuhay si Moises? Sagot 120 taon.

### **LARO 9**

#### **Ang 10 Utos**

- Para sa aktibidad na ito, kailangan mo ng 10 itlog, basahan, at boluntaryo na handang madumihan.
- Para sa bawat 10 utos, ipahawak sa bata ang isang itlog. Gumamit ng madaming paraan upang hawakan ang itlog, halimbawa, sa kanyang kamay, sa kanyang paa, sa pagitan ng kanyang mga tuhod, sa ilalim ng kanyang braso, sa kanyang bibig, atbp.
- Habang tumatagal mas humihirap na maiwasang mahulog ang ito. Sa huli, para sa utos # 10, ilagay ang itlog sa kanyang ulo.
- Sa laro, sabihin ang mga utos, at kung gaano kadalang sumunod sa isa, ngunit napakahirap na sumunod sa sampu. Halimbawa, para sa ika-6, sabihin mong madaling huwag pumatay ng sinuman, kaya ilagay ang itlog sa napakadaling lugar (maaaring tumulong ang mga bata, sa pagsigaw kung saan







ilalagay ang itlog). Ang punto ay upang ipakita sa mga bata na lahat ay nagkakasala, at nakahulog tayo ng itlog.



- Sa huli, basagin ang itlog sa taas ng ulo ng bata. (Basagin ang itlog gamit ang bato, na hindi nakikita ng mga bata. Huwag tatamaan ang ulo ng bata dahil masakit ito). Siguraduhin na alam ng bata na madudumihan siya. Ito ito napakalakas na nakikitang aral.

### Ang 10 Utos

1. Huwag magkakaroon ng ibang diyos
2. Huwag gagawa ng anumang idolo o sasamba sa mga ito
3. Huwag sabihin ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan
4. Ilaan sa akin ang araw ng pahinga
5. Igalang ang iyong ama at ina
6. Huwag papatay
7. Huwag mangangalunya
8. Huwag magnanakaw
9. Huwag magbintang o manirang puri (magsinungaling upang mapahamak ang isang tao)
10. Huwag maging mapag-imbol

### ☀️ MGA SAGOT SA PALAISIPAN 9

D	A	G	A	T	N	A	B	U	T	A	M	S
P	A	L	U	M	P	O	N	G	O	P	G	A
A	E	O	D	G	N	I	B	I	L	I	A	N
T	N	G	I	L	A	P	F	A	A	B	S	G
A	A	G	Y	E	T	O	S	E	S	O	M	G
Y	T	N	O	P	U	Y	O	P	A	K	B	A
I	U	A	S	U	T	U	T	M	G	A	E	L
N	T	S	I	L	U	O	L	A	M	O	P	T
A	P	A	L	U	P	A	N	T	A	G	A	D
I	O	G	A	N	O	A	R	A	F	A	L	G
L	K	M	G	Y	K	S	I	L	A	M	U	Y



### ☀️ MGA TANONG AT MGA SAGOT 9

1. Kung pinatawad ako ng Diyos, bakit mahalaga kung nagkakasala ako? (Ang suliranin ng Roma 7. Bakit mag-iingat na hindi magkasala kung patatawarin tayo ng Diyos? Ang kasalanan ay palaging laban sa Diyos at





dapat parusahan. Pinatawad tayo ni Hesus, ngunit palaging may kahihinatnan para sa kasalanan. Halimbawa, kapag nagloko ako sa klase, maaaring patawarin ako ng Diyos ngunit ako ay parurusahan).

2. Paano kung may ginawa akong napakasama? (Ang ideya sa tanong na ito ay upang matulungan ang mga estudyante na malaman na ang Diyos ay nagpapatawad ng malaking kasalanan, ngunit kailangan pa rin nating magsisi at humingi ng kapatawaran. Gayundin, kung may labis tayong sinaktan na tao, maaari tayong makulong kahit na patawarin tayo ng Diyos. May mga bagay na may kinalaman sa droga, karahasan, o pagtatalik na maaaring bumago sa ating buong hinaharap sa mga paraan na hindi natin gusto).

3. Ayos lang kung sinisikap kong gumawa ng mabuti, may ginawa akong mali? (Ito ay laban sa pagitan ng ating motibo at aksyon. Ang Diyos ay nagmamalasakit sa ating motibo, ngunit si Pablo ay nagtanong, "Gumawa tayo ng masama kung mabuti naman ang magiging bunga noon?" Ang sagot ay, "Hindi!" - Roma 3:5-8).

## **PAGDALO 9**

Ibigay ang kard para ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin na dumalo sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

**Moises**



## **TAKDANG ARALIN 9**

**Takdang aralin**

Ang iyong takdang-aralin ay isulat kung ano ang reaksiyon mo kapag ikaw ay nagkakasala, tulad ng pagtatago o pagsisinungaling tungkol dito, isa pang kasalanan. Minsan pinarurusahan natin ang ating sarili sa pagsasabing, "Ako ay hindi napakabuting tao, kaya't hindi dapat ako pahintulatang gawin ito o iyon," at labis na malungkot. Ngunit ang pinakamagandang tugon ay aminin lamang na nagkasala tayo at hilingin kay Hesus na patawarin ang kasalananang iyon. Hindi nais ng Diyos na malungkot ka sa iyong kasalanan. Nais niyang patawarin ito, upang maaari kang maging malaya na hikayatin ang ibang tao.

**Basahin**

Unang Araw: Nu 13:1-3, 17-25

Ikalawang Araw: Nu 13:26-33

Ikatlong Araw: Nu 14:1-9

Ikaapat na Araw: Nu 14:10-16

Ikalimang Araw: Nu 14:17-24



# 10. OO KAYA MO



**Bayani: Caleb**

Mga Bilang 13:1-3, 13:17-14:9, 14:7-24, 14:30-45

## ☀️ **KAKABISADUHING TALATA 10**

Mga Gawa 1:8 “Datapuwa’t tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihuhilang hangganan ng lupa.”

## ☀️ **KAILANGANG KUWENTO 10**

Sa paaralan ng Linggo, nalaman niya na nais ng Diyos na ibahagi natin ang ating pananampalataya upang maniwala din ang ibang bata kay Hesus. Noong Lunes, habang naglalakad siya papasok pagkatapos ng recess, napansin ni Peppy ang isang batang nakaupo mag-isa sa upuan. Sa daan papuntang klase, sinabi niya sa kaibigan niyang si Comet, “Nakita mo ba ang babaeng bata sa upuan? Tingin ko malungkot siya.” Sinabi ni Comet, “Siguro pwede mo siyang pasiyahin. Pwede mong sabihin sa kanya ang tungkol kay Hesus at imbitahan siya sa simbahan upang hindi na siya malungkot.” Sinabi ni Peppy, “Pero ano ang magagawa ko? Hindi ko alam kung ano’ng sasabihin ko sa kanya. At ano ang iisipin ng iba kong kaibigan sa akin?”



## ☀️ **PANGUNAHING ARAL 10**

Matapos ang ilang daang taon, pinamunuan ng Diyos ang Israel upang upang tuparin ang kanyang pangako kay Abraham, Isaac, at Jacob. Sinabi ng Diyos kay Moises na magpadala ng 12 espiya upang siyasatin ang ipinangakong lupa. Bumalik sila at sinabing ang lupa ay may gatas, pulot, at ubas na sobrang laki na kailangan itong bitbitin ng dalawang lalaki sa kahoy! Ngunit 10 sa espiya ang sinabi na ang mga tao ay malalaki at hindi nila makakayang makuha ang lupa. Isa sa espiya, si Caleb, ay pinigilan sila, at sinabi “Magagawa natin.” Naniniwala siya na tutulungan sila ng makapangyarihang Diyos. Gusto ng Diyos ang ganitong klase ng pananampalataya.

Ngunit naniwala ang mga tao sa ibang espiya, nanginig sa takot, at tumanggap umalis. Nagalit ang Diyos sa kanila, at ang parusa para sa 10 tao ay kamatayan! Ang parusa para buong bansa ay maglakbay sa disyerto. Matapos maglakbay ng 40 na taon, ang tanging natira sa henerasyon ay si Caleb at ang ibang espiya ay nagngangalang Josue na sumang-ayon sa kanya. Bilang gantimpala sa kanilang pananampalataya, ibinigay ng Diyos sa kanila ang lupa na kanilang nakita.

Kaninang maaga nakita namin na si Peppy ay natatakot, ngunit si Comet ay matapang sa kanyang pananampalataya at tinulungan si Peppy. Natuwa ang Diyos nang nanindigan siya para sa kanyang pananampalataya at sumunod sa Kanya sa isang bagay na tila imposible. Ang Diyos ay may plano para sa iyong buhay na higit pa sa iyong maisip kung ikaw ay ooo.

Sinabi ni Hesus na kung may pananampalataya ka tulad ng isang buto ng mustasa, magagawa mong pagalawin ang bundok (Mateo 17:20). Maaari nating palaguin ang ating pananampalataya tulad ng isang buto sa pagsunod at pagsisilbi sa ating mga pinuno sa simbahan. Si Josue ang personal na lingkod ni Moises (Exodo 24:13). Si Moises ay pupunta sa tolda upang makipag-usap sa Diyos, ngunit nang umalis siya, si Josue ay mananatili sa tolda ng mag-isa kasama ang Diyos (Exodo 33:11). Maaari din tayong maglaan ng oras kasama







ang Diyos, sa pagbabasa ng Biblia, pagdarasal, at pagkanta sa Kanya hindi lamang kapag kasama ng ibang tao ngunit tuwing tayo ay mag-isa din. Maaari nating alalahanin ang mga bagay na ginawa ng Diyos sa Biblia at sa ating mga buhay. Nakita nina Caleb at Josue ang mga milagrong ginawa ng Diyos sa Ehipto. Maaari tayong pumili ng kaibigan na hihimukin tayo, tulad nang sinamahan ni Josue si Caleb sa paghimok sa lahat. Salungat dito, ang iba pang Israelita ay sumama sa mga espiya na hindi naniniwala. Kung naiimpluwensiyahan ka ng hindi paniniwala ng iyong kaibigan, maaari kang lumayo sa kanila at sumama sa mga kaibigan na naniniwala. Pagtrabahuhan ang iyong pananampalataya upang kapag tinawag ka ng Diyos, hindi ka lamang susunod sa Kanya at mabubuhay sa magandang buhay na ibibigay Niya sa iyo, ngunit hikayatin din ang iba na ganun din ang gawin.

Pinipili kong umoo sa Diyos. Panginoon, ibinibigay ko sa Iyo ang kontrol ng aking buhay upang gawin kung ano ang Iyong nais, ito man ay malaki, maliit, o maging mapanganib. Ang buhay ko ay sa Iyo. Tulungan mo akong mabuhay para sa Iyo nang walang takot o reklamo. Buksan mo ang aking mga mata sa Iyong malalaking plano para sa akin. Salamat.

### ☀️ **PAGPAPASIYA 10**

Habang nanananghalian sinabi ni Comet, “Paano kung sumama ako sa iyo? Umupo tayo sa lamesa kasama ang babae sa upuan. Hindi ko din alam kung anong sasabihin, pero marahil tutulungan tayo pareho ng Diyos upang maging mabait sa kanya.” Masaya si Peppy na si Comet ay kanyang kaibigan at matutulungan siyang ibahagi ang kanyang pananampalataya sa babae. Ang babae ay may problema sa bahay ngunit ang magkaroon ng bagong mga kaibigan at malaman na mahal siya ni Hesus ay nagpabuti sa kanyang pakiramdam.



### ☀️ **AKTIBIDAD 10**

#### Liham sa Diyos

Sa gawaing ito, ang bawat bata sa klase ay susulat ng liham sa Diyos na nagsasabi kung ano ang nais nilang gawin ng Diyos sa kanilang buhay. Hinihikayat ang mga bata na mangarap ng malaki — ang Diyos ay malaki. Pagdasalin ang mga bata sa bahay para sa kahilingang ito buong linggo at magdagdag ng iba pang bagay kung iniisip nila ang mga ito.



### ☀️ **KRONOLOHIYA 10**


Iguhit ang linya para sa buhay ni Caleb.


Tanong: Ilang taon na si Moises nang ipinanganak si Caleb? Sagot: Wala kaming eksaktong edad, ngunit itinuro na si Moises ay 40 taong gulang

Tanong: Gaano katagal nabuhay si Caleb? Sagot: Wala kaming eksaktong panahon ngunit itinuro na nabuhay siya ng 110 taon.

### ☀️ **MGA SAGOT SA PALAISIPAN 10**

R	E	K	L	E	U	S	O	J	M	B	A	O
I	E	U	S	C	A	B	J	A	C	E	B	S
T	A	K	B	O	I	K	B	Y	T	L	A	Y
M	O	S	L	R	Y	U	S	I	P	A	M	I
G	K	L	T	A	T	I	J	P	A	C	G	D
A	A	A	U	I	M	A	D	S	N	A	A	M
N	G	A	K	P	G	O	L	E	T	N	T	A
M	N	A	H	A	S	U	R	A	P	A	K	B
G	A	E	S	P	P	Y	S	G	A	P	B	U
K	P	A	R	A	U	S	A	M	H	A	N	T






### ☀️ **MGA TANONG AT MGA SAGOT 10**

1. Anong mahihirap na bagay ang hiniling ng Diyos na gawin mo? (Kausapin ang iyong mga estudyante tungkol sa iba't ibang sitwasyon sa kanilang buhay).
2. Paano kung nasaktan ko ang aking sarili o napunta sa mahirap na sitwasyon sa paggawa ng pinaniniwalaan kong tinawag ako ng Diyos? (Marami ang nawalan ng buhay sa pagsunod sa Diyos, kaya kahit gaano kahirap, mas mabuting sumunod sa Diyos kaysa suwayin Siya).
3. Paano ako makatitiyak na narinig ko ang tinig ng Diyos? (Maaari mong suriin ang anumang desisyon sa 3 iminungkahing panuntunan: 1. Ang Biblia: nakita mo ba na magandang bagay ito sa Biblia? 2. Ang aking mga awtoridad: ano ang sinasabi ng aking mga magulang, o pastor; at, 3. Aking espiritu: sinasabi sa Bibliya na tayo ay mga tupa ng mabuting pastol at makikilala ang kanyang tinig. Dapat nating matutunan kung paano makinig sa ating sariling espiritu kapag nadarama natin na dapat o hindi dapat gawin ang isang bagay. Kasunod ng mga patakarang ito, kung nagpasya tayo na ito ang tinig ng Diyos, dapat tayong sumunod, kahit na tila imposible!)

### ☀️ **LARO 10**

#### Sino ang Nawala?

- Ang mga bata ay uupo ng pabilog at isasara ang kanilang mga mata.
- Hahawakan ng guro ang bata na magtatago.
- Pahulaan sa mga bata kung sino ang nawala.
- Pagpipilian: Maaari kang maglagay ng ilang bagay sa gitna ng bilog. Habang nakasara ang mata ng mga bata, aalisin ng guro ang isa sa kanila at dapat hulaan ng mga bata kung anong bagay ang tinanggal.



### ☀️ **PAGDALO 10**

Ibigay ang kard para ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin na dumalo sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

#### Mga aklat sa kasaysayan





## **TAKDANG ARALIN 10**

### **Takdang aralin**

Sa linggong ito ang iyong takdang aralin ay isulat ang ang limang magagandang bagay na ginawa ng Diyos para sa iyo. Pagkatapos ay isipin kung sino sa iyong buhay ang sasang-ayon na ang mga ito ay magagandang bagay. Ito ang mga tao na nais mong paglaanan ng pinakamahabang panahon. Pag-isipan kung paano mo mababago ang ilan sa iyong ginagawa araw-araw upang maaari kang maglaan ng mas maraming oras sa mga kaibigang iyon. Mayroon ka nang pananampalataya. Matutulungan ka nitong mapalago ang iyong pananampalataya, tulad ng pagtutubig sa halaman na tumutulong sa paglaki nito.

### **Basahin**

Unang Araw: Nu 22:1-8

Ikalawang Araw: Nu 22:9-17

Ikatlong Araw: Nu 22:18-25

Ikaapat na Araw: Nu 22:26-33

Ikalimang Araw: Nu 22:34-41





## 11. HUWAG MO NANG ISIPIN ANG TUNGKOL DITO



**Kuwento sa Biblia: Balaam**

Mga Bilang 22:1-6, 22:9-38, 23:13-21, 24:10-13

### ☀️ **KAKABISADUHING TALATA 11**

Mga Taga-Efeso 6:1 "Mga anak, magsitalima kayo sa inyong mga magulang sa Panginoon: sapagka't ito'y matuwid."

### ☀️ **KAILANGANG KUWENTO 11**

Nais ni Buzz na dumalo sa isang pagpupulong na nangyayari sa kanyang lungsod. Nagmadali siyang matapos ang kanyang takdang aralin upang tulungan ang kanyang nanay na linisin ang bahay, upang pahintulutan siyang pumunta dito. Natapos siya at sinabi sa kanyang nanay, "Mom, maari mo ba akong payagang pumunta sa pagpupulong ngayong hapon sa sentro?" Sinabi ng kanyang nanay, "Hindi posible ngayong hapon. Aalis kami, at gusto naming manatili ka sa bahay." Nalungkot at nalito si Buzz. Paano naging posible na hindi siya pinahintulutan ng kanyang nanay na umalis? Sa sandaling iyon, tumawag at tinanong siya ni Kip, "Pupunta ka ba? Hihintayin ka ba namin?" Sabi niya, "Hindi ako makakapunta". Sinabi ni Kip, "Buzz, isang bagay ito tungkol sa Diyos. Maaari kang pumunta. Ang Diyos ay mas mahalaga kaysa sa lahat!"



### ☀️ **PANGUNAHING ARAL 11**

Noong nakaraang linggo, ang Israel ay nagsimulang maglakbay sa disyerto sa loob ng 40 taon. Habang naglalakbay ang Israel, dumaan sila sa teritoryo ng bansa ng Moab. Ang mga Moabita ay natakot sa kanila, kaya ang hari ng Moab na si Balak ay nagpadala ng lalaking nanggagalang Balaam upang sumpain sila. Nang tanungin ni Balaam ang Diyos kung ano ang gagawin, sinabi sa kanya ng Diyos na huwag pumunta. Ngunit nagalit si haring Balak at talagang nais pumunta si Balaam at nagpadala ng mas mahusay na mga prinsipal at nangako ng malaking gantimpala sa hinaharap. Sinabi sa kanila ni Balaam na maghintay at makita kung ano ang sinabi ng Diyos. Minsan kapag hindi tayo sumasang-ayon sa Diyos, natutukso tayo na magtanong muli o itulak Siya upang baguhin ang Kanyang isip. Pinahintulutan siya ng Diyos na pumunta ngunit galit sa kanya. Minsan kapag itinutulak natin ang Diyos, hinahayaan Niya tayong makuha ang parehong bagay na gusto natin at ang kahihinatnan nito. Habang papunta si Balaam sa Moab, tumigil ang isang anghel sa daan sa harap niya. Hindi ito nakita ni Balaam, ngunit nakita ng kanyang asno. Una, ay umalis sa kalsada at pumunta sa parang ang kanyang asno, at pagkatapos sa kalayuan ng kalsada idinikit niya ang binti ni Balaam sa pader, kinamamayaan ay humiga siya sa kalsada. Nang nagalit si Balaam sa kanyang asno, hinayaan ng Diyos na magsalita ang asno! Sinabi niya, "Bakit ka galit sa akin? Hindi ba ako naging mapagkatiwalaan mong asno? Ginawa ko na ba ito?" Pagkatapos ay pinahintulutan ng Diyos na makita ni Balaam ang anghel na maaaring pumatay sa kanya, at nalaman ni Balaam kung ano ang ginagawa niyang mali. Naunawaan ni Balaam na ayaw ng Diyos na sumpain niya ang Israel, gaano man kalaking gantimpala ang makukuha niya mula kay haring Balak. Pagdating nila, binasbasan ni Balaam ang Israel ng apat na beses at hindi na inisip na suwayin ang Diyos.





Kaninang umaga narinig namin na natutukso si Buzz na suwayin ang kanyang mga magulang at pumunta sa pagpupulong. Madali para sa kanya na magkaroon ng dahilan upang pumunta, tulad ng sinabi sa kanya ni Kip na ang pagpupulong ay tungkol sa Diyos. Ngunit inutusan tayo ng Diyos na sundin ang ating mga magulang, at ang utos ng Diyos ay hindi magbabago dahil sa isang pagpupulong. Sinabi ni Hesus na magbantay at manalangin upang hindi tayo mahulog sa tukso (Mateo 26:41). Bantayan ang iyong saloobin dahil mas matagal mong iniisip na gawin ang mali, nagiging mas mahirap na gawin ang tama. Sa sandaling maalala mo kung ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos, sundin ito agad upang hindi mo na maisip na gawin ang mali.

Pinipili kong mabilis na sumunod sa Diyos at huwag hayaan ang aking sarili na isiping gumawa ng mali.

### **PAGPAPASIYA 11**

Sa sandaling iyon, naalala ni Buzz na sinasabi ng Salita na dapat nating sundin ang ating mga magulang at gusto ng Diyos na maging masunurin tayo. Pagkatapos ay sinabi niya, "Hindi ako pupunta." Sinabi niya kay Kip kung ano ang sinasabi ng Salita na dapat nating gawin.




### **AKTIBIDAD 11**

#### **Lastikong Singsing**

Sa klase ang mga bata ay gagawa ng lastikong singsing o pulseras upang matandaan buong linggo na huwag itulak ang Diyos. Sundin ang mga larawan para sa instruksyon kung paano ito gawin o maaari kang gumamit ng mga plastik na singsing.

1. Kumaha ng lastiko at tupuin ito sa kalahati.
2. Magpasok ng isa pang lastiko sa mga butas mula sa unang lastiko.
3. Itupi ang lastiko sa kalahati upang lumikha ng kadena. Ulitin ang mga hakbang upang malikha ang sukat ng kadena na nais mo.
4. Gumamit ng isa pang nakatuping lastiko upang itali ang magkabilang dulo.



### **KRONOLOHIYA 11**

Markhaan ang panahon kung kailan nangyari ang kuwento sa asno ni Balaam.

Tanong: Ilang taon na si Moises nang magsimulang maglakbay ang mga tao ng Diyos sa desyerto? Sagot: 80 taong gulang

Tanong: Kailan nagsimulang magtrabaho si Balaam laban sa mga tao ng Diyos? Sagot: Habang naglalakbay sila sa desyerto.





**MGA SAGOT SA PALAISIPAN 11**  
**MGA LIBRO NG BIBLIA**

Isulat ang mga libro ng Biblia ng magkakasunod mula sa Genesis hanggang Ester.

1. Genesis
2. Exodo
3. Levitico
4. Mga Bilang
5. Deuteronomio
6. Josue
7. Mga Hukom
8. Ruth
9. 1 Samuel
10. 2 Samuel
11. 1 Mga Hari
12. 2 Mga Hari
13. 1 Cronica
14. 2 Cronica
15. Esdras
16. Nehemias
17. Ester

A	I	D	N	I	H	S	A	K	A
K	N	T	M	G	A	A	N	A	K
T	A	B	A	K	I	T	G	S	D
A	G	S	H	B	I	G	H	I	O
B	K	G	A	I	A	I	Y	S	A
B	A	A	G	L	M	L	L	A	T
A	M	I	S	M	A	I	A	D	A
K	P	I	D	N	G	N	O	A	G
S	O	Y	I	D	O	I	A	A	M
A	N	A	C	L	E	H	G	N	A



**MGA TANONG AT MGA SAGOT 11**

1. Kanino dapat ako makinig? (Una, sa Diyos, pagkatapos ay sa iyong mga awtoridad dito sa mundo. Bagaman alalahanin, na madalas ay magiging mas sigurado tayo na sumusunod tayo sa Diyos kung ang ating awtoridad ay sumasang-ayon sa tingin natin ay naririnig natin).
2. Paano kung utusan tayo ng ating mga magulang na gumawa ng mali? (Pag-usapan ang tungkol sa magkakaibang kaso kung saan maaaring mali ang iyong mga magulang. Tulungan ang iyong mga estudyante na makita ang tingin ng mga magalang, sapagkat sa halos lahat ng kaso, tama ang mga magulang).
3. Kailan ako magiging boss? (Sa karanasan ko, kahit sila ay maging adulto, may ilang taon pa din kung kailan hihilingin ng Diyos na magsilbi sa iba. Para sa mga estudyante na magaling sa pagiging pinuno, himukin sila na maghintay hanggang sa ibigay sa kanila ng Diyos ang kanilang ministro. Si Hesus, halimbawa, ay maaaring magtanong ng mahihirap na katanungan sa mga relihiyosong pinuno nang siya ay labing dalawang taong








gulang, ngunit hindi siya pinayagan ng Diyos na simulan ang kanyang ministro hanggang sa siya ay magtatlumpu).

## **LARO 11**

### Huwag saksakin ang asno

- Kumuha ng kard at gumuhit ng asno sa gitna, na nag-iiwan ng espasyo para sa espada. Gumuhit din ng espada na kasing laki ng espasyo sa palibot ng asno.
- Lumikha ng pangkat ng dalawa o tatlong bata at pumili ng bata sa bawat pangkat.
- Ibigay sa piniling bata ang espada at ipasara sa kanyang pangkat ang kanilang mga mata.
- Gagabayan ng pangkat ang bata sa pagsigaw ng direksyon (kanan, kaliwa, taas, baba). Susubukan nilang mailagay ang espada sa mga espasyo ng cardboard at huwag matamaan ang asno.
- Bawat pangkat ay maglalaban, at pipiliin ang nanalong pangkat.



## **PAGDALO 11**

Ibigay ang kard para ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin na dumalo sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

### Sword of the lord

## **TAKDANG ARALIN 11**

### Takdang aralin

Ang iyong takdang araling ngayong linggo ay sumulat ng tungkol sa iyo na nagrerebelde sa isang bagay na ayaw mong gawin ngunit dapat mong gawin, o isang bagay na nais mong gawin ngunit hindi mo dapat gawin. Maaaring ito ay kasing simple ng paggawa ng takdang aralin na ito o isang bagay na nais ng mga magulang mo na gawin mo. Isipin ang pinsala na maaaring magawa nito sa iyong puso, sa iyong mga kaibigan at pamilya, o iyong mga hinaharap na pag-asa at pangarap na magsilbi sa Diyos. Pagkatapos ay humingi kay Hesus ng kapatawaran at linisin ang iyong puso, sabihin kay Hesus na siya ang iyong hari. Subaybayan kung ang iyong pagrerebelde ay nawala o hindi at ulitin ang dasal hangga't kailangan mong gawin.

### Basahin


Unang Araw: Jo 5:13-6:5

Ikalawang Araw: Jo 6:6-11

Ikatlong Araw: Jo 6:12-19

Ikaapat na Araw: Jo 6:20-23

Ikalimang Araw: Jo 6:24-27



## 12. PANIG NG DIYOS

# 12



**Bayani: Josue**

Josue 1:1-11, 2:1-21, 3:14-4:7, 4:15-18, 5:10-6:11, 6:15, 6:20-25, Mga Hebreo 11:30-31

### **KAKABISADUHING TALATA 12**

Juan 1:12 "Datapuwa't ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan."

### **KAILANGANG KUWENTO 12**

Matatapos na ni Kip ang taon ng paaralan. Panahon na para sa mga panghuling pagsusulit, at alam niya na dapat makakuha siya ng matataas na marka upang mapanatili ang kanyang pagiging eskolar. Bukas ang kanyang unang pagsusulit, ngunit ngayon, naglalaro siya kasama ang kanyang mga kaibigan at nanonood ng cartoons. Sa pagtatapos ng araw, nang patulog na siya, nanalangin siya, "Panginoon, hinihiling ko na tulungan Mo ako bukas sa aking pagsusulit. Dapat kong gawin ang pinakamahusay ko upang mapanatili ang aking scholarship. Alam ko na tutulungan Mo ako."

### **PANGUNAHING ARAL 12**

Naaalala mo pa ba kung paano itinatag ni Josue ang kanyang pananampalataya? Pinili ng Diyos si Josue na pamunuan ang bansa at ipinangako sa kanya na lagi niyang kasama Siya. Pagkatapos maglakbay ng 40 taon, oras na upang kunin ang lupang pangako. Nagpadala si Josue ng dalawang espiya sa lungsod ng Jericho. Isang pokpok na nanggangalang Rahab ang Itinago ang mga espiya at tinulungan silang tumakas sa bintana ng kanyang bahay, bahagi ng pader ng lungsod. Sumang-ayon silang ilitas siya at ang kanyang pamilya kung magtatali siya ng pulang kurdon sa bintana.

Upang tumawid sa ilog ng Jordan, dinala ng mga saserdote ang kaban ng tipan, isang sagisag kung saan naroon ang Diyos, at lumakad patungo sa gitna ng ilog. Ang ilog sa yugto ng baha ay milagrang nahati. Isipin mo na humahawak ka ng isang tumpok ng tubig sa iyong kamay. Lumakad ang Israel sa tuyong lupa at kinuha ang 12 bato mula sa lupa ng ilog upang laging alalahanin kung ano ang ginawa ng Diyos. Maaari din nating isulat kung ano ang ginawa ng Diyos sa ating buhay. Pagkatapos ay ipinagdiwang ng Israel ang Paskuwa: naaalala mo ba nang inilagay nila ang dugo ng mga tupa sa mga pintuan sa Ehipto upang maligtas?

Isang araw nakita ni Josue ang lalaking may nakalabas na espada. Nagtanong siya kung nasa panig ng Israel o sa panig ng kanilang kalaban. Sinabi ng lalaki na wala siya sa anumang panig, ngunit siya ang komandante ng hukbo ng Panginoon. Ang lalaki ay si Hesus!

Minsan inaakala natin na nasa panig natin ang Diyos dahil lamang sa tinatawag nating Kristiyano ang ating mga sarili o pumupunta sa simbahan. Minsan gumagawa tayo ng mali, tulad ng hindi pag-aaral para sa isang pagsusulit o maging kasalanan, pagkatapos ay mananalangin tayo sa Diyos para sa anumang nais natin at nagtataka kung bakit hindi Siya tumutugon. Ngunit kailangan nating sumali sa panig ng Diyos, hindi sa iba pang paraan. Ang mga Israelita ay sumali sa panig ng Diyos sa pagdiriwang ng Paskuwa, isang larawan ng paniniwala kay Hesus. Sumama si Rahab sa panig ng Diyos sa pagtulong sa mga tao ng Diyos at pagtali ng pulang tali sa kanyang bintana, isa pang larawan ng paniniwala kay Hesus. Ang mga pariseo, mga lider ng relihiyon ng Israel sa panahon ni Hesus, ay naniniwala na sila ay nasa panig ng Diyos ngunit pinabayaang Siya

**WOW!**

**YEAH!!**

**YEAH!!**



sa hindi paniniwala kay Hesus at sa pagtulak sa ibang tao palayo sa Diyos. Sinabi sa kanila ni Hesus na ang mga maniningil ng buwis at mga patutot ay pumapasok sa kaharian ng Diyos bago sila sa paniniwala at pagsisisi (Mateo 21: 31-32). Hindi natin maaaring ilagay ang ating tiwala sa pananampalataya ng ating mga magulang o sa pagpunta sa simbahan, at hindi dapat natin husgahan ang iba base sa kung saan sila nanggaling. Hindi mahalaga kung saan ka nanggaling, dapat KANG maniwala kay Hesus upang maligtas.

Ang mga Israelita ay lumibot sa lungsod at sumigaw. Ang mga pader ay bumagsak maliban sa bahay ni Rahab, at sinunog ng mga Israelita ang lungsod. Hindi lamang sumapi si Rahab sa bayan ng Diyos, siya din ay naging lola ng lola ng hinaharap na haring si David at ang marami pang lola ng lola ni Hesus (Mateo 1: 5-6, 16). At pinangunahan ni Josue ang bansa buong buhay niya.

Kinikilala ko na ang pagiging kabilang sa mga Kristiyano ay hindi nangangahulugan na ang Diyos ay nasa aking panig. Pinili kong sumali sa panig ng Diyos sa paniniwala kay Hesus at pagsunod sa Kanya.

### ☀️ **PAGPAPASIYA 12**

Ang pagsusulit ni Kip ay sobrang hirap, at maipapasa lamang niya ito sa pag-aaral. Natapos niya ang pagsusulit at umasa na kahit papaano ay tutulungan siya ng Diyos. Pagkaraan ng ilang araw ay ibinigay nila sa kanya ang resulta at bumagsak si Kip sa pagsusulit dahil sa hindi paghahanda. Nawala ni Kip ang kanyang scholarship. Labis siyang nalungkot at kinuha ang kanyang cell phone at tinawag ang kanyang kaibigang si Taffy upang damayan siya.



### ☀️ **AKTIBIDAD 12**

#### Ang Pader ng Jericho

Hayaang manalangin at magnilay-nilay ang mga bata sa loob ng ilang minuto sa isang bagay na naghihiwalay sa kanila sa Diyos. Bigyan ang bawat bata ng isang piraso ng papel na tila ito ay isa sa mga laryo ng pader ng Jericho. Sabihin sa kanila na isulat sa kanilang laryo ang isang bagay na humaharang o naghihiwalay mula sa Diyos. Pagkatapos nito, ipatupi sa mga estudyante ang papel at iuwi ito. Hikayatin silang tingnan ang papel sa loob ng isang linggo at manalangin na pabagsakin ng Diyos ang pader na naghihiwalay sa kanila mula sa Kanya.



### ☀️ **KRONOLOHIYA 12**


Iguhit ang linya para sa buhay ni Josue.

Tanong: Ilang taon na si Moises nang isinilang si Josue? Sagot: Wala kaming eksaktong edad, ngunit itinuro na si Moises ay 40 taong gulang


Tanong: Gaano katagal nabuhay si Josue? Sagot: 110 taon.

### ☀️ **MGA SAGOT SA PALAISIPAN 12**

I	N	A	N	A	B	A	L	O	A	S	D
N	P	J	O	S	U	R	C	L	Y	I	
I	A	M	S	A	M	B	A	I	E	A	Y
L	M	G	A	P	A	D	E	R	H	P	O
I	I	K	B	K	G	A	I	E	G	M	S
G	L	A	S	P	S	O	N	J	N	U	G
T	Y	N	A	B	A	L	A	K	A	G	M
A	A	L	B	A	K	G	B	A	H	A	R
S	K	A	M	U	G	I	N	A	P	T	S








## ☀️ MGA TANONG AT MGA SAGOT 12

1. Kailan ka huling humingi ng tulong sa Diyos sa isang bagay na hindi Niya kalooban? (Pag-usapan ang mga nakakatawang panalangin tulad ng pagdarasal para sa isang tao sa TV, pagdarasal upang hindi magtrabaho, pagdarasal na matalo ang isang estudyante sa laro, atbp.).
2. Napakalaki ng Diyos; paano ko Siya magiging matalik na kaibigan? (Pag-usapan ang iba't ibang aspeto ng Diyos, tulad ng kanyang kadakilaan, ngunit gayundin ang kanyang pag-ibig. Pag-usapan din ang katotohanan na ganap Niya tayong kilala).
3. Ano ang nais ng Diyos mula sa akin? (Lahat tayo ay may iba't ibang kaloob mula sa Diyos at iba't ibang pisikal na kakayahan. Maaaring gamitin tayo ng Diyos sa lahat ng paraan upang ipakita ang kanyang kaluwalhatian sa mundong ito at maabot ang mas maraming tao para sa Kanya. Alalahanin din na maaari ding gamitin tayo ng Diyos sa mga bagay kung saan wala hindi tayo magaling o walang kakayahan. Kung minsan ay nais Niyang ipakita ang kanyang kadakilaan mula sa ating kahinaan. Mas may malasakit siya sa puso na handa at magagamit upang gawin ang anumang hilingin Niya sa atin).

## ☀️ LARO 12

### Iguhit ito

- Maghanda ng poster na may kakabisaduhing talata. Alisin ang ilang salita, na sa halip ay nag-iiwan ng puting espasyo.
- Upang maglaro, hahanapin ng mga estudyante ang talata sa Biblia, at sasabihin kung anong salita sa talata ang nawawala sa poster.
- Sa mga puwang, ang mga estudyante ay guguhit ng larawan na kakatawan sa mga nawawalang salita. (Ang mga nawawalang salita ay maaaring ipakita sa higit pa sa isang paraan).
- Kung malaki ang iyong grupo, hatiin ito sa pangkat ng 4 hanggang 6 at gumawa ng kopya ng poster para sa bawat pangkat.
- Kapag ng larawan ay naiguhit na, ipabigkas sa kanila ang talata ng ilang beses hanggang sa matutunan nila ito nang maayos.





## **PAGDALO 12**

Ibigay ang kard para ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin na dumalo sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

**Josue**

## **TAKDANG ARALIN 12**

**Takdang aralin**

Ang iyong takdang-aralin ngayon linggong ay isipin kung ikaw ay nagpapanggap na maging isang Kristiyano upang maging bahagi ng grupo o kung naniniwala ka talaga kay Hesus. Kung ito ang iyong unang pagkakataon o kung hindi ka sigurado, tanungin ang iyong guro sa paaralan tuwing Linggo kung paano ka makakasama sa pamilya ng Diyos sa paniniwala kay Hesus. Kung tinanggap mo na si Hesus, magsalita ng maganda sa isang tao na naiiba sa iyo, tulad ng pagpuri sa kanilang damit o sa mahusay nilang paglalaro.

**Basahin**


Unang Araw: Jo 7:1-12

Ikalawang Araw: Jo 7:13-19

Ikatlong Araw: Jo 7:20-26

Ikaapat na Araw: Jo 8:1-13

Ikalimang Araw: Jo 8:14-29



## 13. HUWAG KANG MAGTATAGO NG KAHIT NA ANO



**Kuwento sa Biblia: Achan**

Josue 6:17-19, 7:1-12, 7:20-8:7, 8:18-27

### ☀️ **KAKABISADUHING TALATA 13**

I Juan 1:9 "Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan."

### ☀️ **KAILANGANG KUWENTO 13**

Si Comet ay nasa kanyang silid-aralan at kinukumpleto ang kanyang gawain sa agham bago pa ito iutos ng guro. Gusto niyang makuha ang pinakamataas na grado. Sa sandaling iyon isang kaibigan ang pumasok, tumatakbo at natisod, at natumba ang ginagawa ni Comet. Nang nahulog ito sa sahig nawasak ito kaya wala siyang maibibigay sa kanyang guro. Labis na nagalit si Comet, ngunit humingi ng paumanhin ang bata sa harap ng lahat ng mga kaklase at guro. Pagkatapos ay walang nagawa si Comet. Wala siyang ibang pagpipilian kundi sabihing, "Humingi ka ng paumanhin, kaya pinapatawad na kita." Ngunit hindi talaga siya pinatawad ni Comet. Iniisip niya, "Isang araw gagawin ko din sa kanya ito, at malalaman niya ang pakiramdam ng mawalan ng isang bagay na napakahalaga." Pagkatapos nito, naghintay si Comet na magbigay ang guro ng malaki at mahalagang proyekto. Isang araw nagtalaga ang guro ng ganitong proyekto. Sinabi ni Comet, "Ito na ang pagkakataon ko!" Nang oras na para ipasa ito, pumunta si Comet sa tindahan upang bumili ng soda. Ang kanyang intensiyon ay "aksidente" niyang tatapunan ng soda ang ginawa ng kanyang kapartner.



### ☀️ **PANGUNAHING ARAL 13**

Noong nakaraang linggo, kinuha ni Josue at ng mga Israelita ang Jericho. Sinabi sa kanila ng Diyos na ang lahat ng nasa unang lungsod ay sa Kanya, na susunugin nila ito at walang itatago para sa kanilang sarili. Ang panloloob mula sa nalalabing lungsod ay para sa Israel. Sa ating buhay, ang una sa lahat ay pag-aari ng Diyos, at dapat nating ibigay ito sa Diyos.

Akala ni Josue at ng mga Israelita na madaling makuha ang kasunod na lungsod na Ai. Maliit ito kumpara sa mga labanan na napanalunan na ng mga Israelita. Ibinigay sa atin ng Diyos ang Banal na Espiritu upang tulungan tayong magtagumpay sa ating kasalanan at gumawa ng mabubuting bagay para sa Diyos, tulad ng pagiging mabait sa ating mga magulang. Sa tulong ng Diyos, maaaring tila madali ito. Ang mga Israelita ay nagpadala lamang ng ilang tao laban sa lungsod, ngunit sa pagkakataong ito madali silang natalo! Sumigaw si Josue sa Diyos, "Bakit hindi ka na namin kasama? Ang mga tao sa lupaing ito ay papatayin kaming lahat, at walang sinuman ang mag-iisip na Ikaw ay isang dakilang Diyos!" Sinabi sa kanya ng Diyos na tumayo at tumigil sa pagdaing, na natalo sila sapagkat may isang taong nagtago ng ilang nakuha mula sa Jericho, sinuway at nagsinungaling sa Diyos at itinago ito. Ipagpalagay na nagsinungaling ka sa mga magulang mo isang araw. Maaari kang magtago ng ilang bagay mula sa iyong mga magulang, mga guro, at mga kaibigan, ngunit nakikita at nalalaman ng Diyos ang lahat. Pagkalipas ng ilang araw malalaman mo na mas mahirap maging mabait sa iyong mga magulang, at iiyak ka ng iiyak sa Diyos, magtatanong kung bakit hindi mo Siya kasama. Sa halip, gawin ang ginawa ni Josue at tanungin ang Diyos kung may nagawa kang mali. Kapag ginawa mo ito, mabilis kang tutulungan ng Diyos dahil mahal ka Niya at nais Niya ang pinakamabuti para sa iyo. Tulad ng higit na pagkialam ng Diyos sa ginawa ng Israel kaysa sa iniisip ng mga kalapit na bansa, higit na pinahahalagahan Niya







ang iyong puso kaysa sa hitsura ng lubos na tagumpay. Sinasabi ng Biblia, kung aaminin natin ang ating mga kasalanan, ang Diyos ay tapat at makatarungan upang patawarin tayo at linisin tayo mula sa ating kasalanan. Kapag ipinakita sa iyo ng Diyos kung ano ang ginawa mong mali, bumalik at ayusin agad ito. Kung ikaw ay nagsinungaling sa iyong mga magulang, sabihin mo sa kanila ang katotohanan. Kung may ninakaw ka, ibalik mo ito. Kung masama ka sa isang tao, humingi ng paumanhin sa kanya. Kung ikaw may sama ng loob tulad ni Comet, patawarin ang taong iyon at huwag maghiganti sa kanila. Kung may kinuha kang nauukol sa Diyos, ibalik ito. Mas mabilis kang nagsisi, mas maaga kang tutulungan ng Diyos na sumulong at magtagumpay.

Ipinakita ng Diyos sa Israel na ang isang lalaking nagngangalang Achan ang nagkasala. Natagpuan nila ang isang balabal, pilak na barya, at bar ng ginto mula sa Jericho na nakabaon sa kanyang tolda. Kinuha nila siya at ang kanyang mga bagay at sinira ang mga ito. Pagkatapos, ay umatake silang muli sa Ai, at tinulungan sila ng Diyos na magtagumpay.

Pinipili kong huwag magtago ng anumang bagay mula sa Diyos at magsisi kung may nagawa akong mali.

### **PAGPAPASIYA 13**

Ngunit habang hinihintay niya ang pagkakataong ito, nalaman ni Taffy kung ano ang sinusubukang gawin ni Comet. Pagkatapos ay sinabi sa kanya ni Taffy na ang pagkikimkim ng galit sa puso at hindi pagpapatawad ay hindi tama. Hindi gusto ng Diyos ang mga bagay na iyon. Naintindihan ni Comet na siya ay nagkamali. Nanalangin sila sa Diyos at pinatawad niya ang kanyang kaibigan.



### **AKTIBIDAD 13**

#### **Hindi ito sa akin**

Paglagayin ang mga bata ng personal na gamit sa gitna ng mesa. Kunin ang isa sa mga gamit at magtanong sa isa, "Sa iyo ba ito?" Kung hindi ito sa kanya, dapat sabihin ng bata, "Hindi ito sa akin at hindi ako mag-iimbot o kukuha ng hindi akin." Ulitin ito sa bawat gamit, upang ang lahat ay masangkot. Kung bata pa ang mga bata, simplehan ang iyong sagot sa, "Hindi ito sa akin."



### **KRONOLOHIYA 13**

Markahan ang panahon kung kailan nangyari ang kuwento ng pagsuway ni Achan.

Tanong: Ilang taon na si Josue nang masakop nila ang Ai? Sagot: Wala kaming eksaktong edad, ngunit sinabi na si Josue ay 70 taong gulang.

Tanong: Kailan sinuway ni Achan ang Diyos? Sagot: Habang nakikipaglaban si Josue at ang mga Israelita upang kunin ang Jericho.





### ☀️ MGA SAGOT SA PALAISIPAN 13

1	5	7	0	8
40	25	10	52	27

4	6	2	9	.
19	21	17	30	39

1	5	0	4	9	0	8	0	.	2	1	4	8	0
0	1	5	6	1	6	9	4	1	0	.	0	6	1
6	9	1	0	9	7	1	0	.	5	8	1	5	8
0	6	9	2	5	0	8	5	0	6	0	7	4	2
7	1	0	6	1	.	9	.	2	1	9	0	9	1
8	.	4	0	8	0	1	5	0	4	8	1	5	6
4	0	9	7	.	4	.	9	8	5	6	2	5	0
1	2	1	4	1	5	0	1	5	6	1	0	.	8
4	8	4	8	6	0	2	5	9	1	9	2	5	1
8	5	0	9	8	1	8	7	0	.	8	1	6	8
1	9	1	0	.	4	.	2	.	5	9	.	0	9
6	0	.	4	1	0	1	0	1	.	1	0	.	0
0	8	5	6	0	8	5	.	0	9	0	.	5	6
1	.	1	0	1	.	6	1	.	5	1	2	4	8
9	6	9	.	9	7	8	0	.	4	.	0	9	.
2	0	8	0	.	4	9	8	2	8	0	.	6	0
7	2	1	.	5	0	1	.	7	9	1	9	7	.
.	4	.	0	2	4	6	0	.	4	6	2	0	8
9	5	9	9	0	.	7	9	1	.	0	5	.	9
0	2	8	5	9	5	.	8	6	0	2	.	0	1

T	A	G	U	N	I	T	I	L	A	G
Y	A	P	M	U	G	A	T	W	N	A
P	A	G	N	A	K	A	I	A	L	L
G	N	A	W	A	K	A	N	G	A	P
A	A	A	O	Y	A	A	A	U	B	A
L	N	L	C	P	L	C	T	D	A	M
O	A	C	I	A	Y	W	A	I	N	I
I	N	O	S	T	O	O	G	Y	A	L
E	P	A	N	G	I	N	O	O	N	Y
N	K	A	L	A	G	A	M	S	P	A



### ☀️ MGA TANONG AT MGA SAGOT 13

1. Anong mga bagay ang nakatago sa nakaraan na alam ng Diyos? (Bigyan sila ng oras upang magsalita at ipaalala sa kanila na kung may nagbahagi sa kanila ng isang bagay nang may kumpiyansa hindi dapat ito ulitin).
2. Mayroon bang ikalawang pagkakataon sa Diyos? (Siyempre, ngunit isipin din ang paraan na sinusubukan nating linlangin ang ating mga magulang na humingi ng pangalawang pagkakataon, kahit nais pa rin nating gawin ang parehong bagay).
3. Ito ang aking buhay, ang aking oras at ang aking pera, tama? (Kapag ikaw ay naging bagong antas ng pagiging isang Kristiyano, at ibinigay mo ang lahat sa Panginoon, makikita mo na ang sa iyo ay hindi tunay na iyo).






## **LARO 13**

### **Musikal na Pagpasa**

- Bigyan ang bawat estudyante ng isang kard na may titik ng isang talata sa Biblia at paupuin sila ng pabilog. Siguraduhin na ang mga salita sa talata ng Biblia ay hindi sa magkakasunod.
- Habang tumutugtog ang musika, ipapasa ng mga bata ang kanilang kard sa bilog.
- Kapag huminto ang musika, babasahin ng mga estudyante ang kanilang papel sa pagkakasunud-sunod ng talata.
- Pagkatapos maglaro ng ilang round, pupunta sa harap ang mga bata hawak ang kard at aayusin ito sa pagkakasunud-sunod ng teksto.
- Ulitin ang talata nang maraming beses.



## **PAGDALO 13**

Ibigay ang kard ngayon sa mga bata para sa pagdalo sa klase. Batiin sila at hikayatin na dumalo sa susunod na linggo upang makakuha ng isa pang kard upang makapaglaro sila ng laro ng mga Bayani! Ang kard ngayong araw ay:

### **Nakatagong Ginto**

## **TAKDANG ARALIN 13**

### **Takdang aralin**

Ang takdang-aralin mo ngayong linggong ay isulat ang tungkol sa isang bagay na itinatago mo sa Diyos at mula sa iba at kung bakit mo ito itinatago. Pagkatapos ay isipin kung paano ito nakakaapekto sa iyo. Nakasasama ito sa iyong pakikisama sa Diyos, at hindi ito mabuti. Ngunit, tulad sa Ai, nakakasama ito sa iyong klase at sa mga taong kasama mong sumunod kay Hesus. Sa ilang kadahilanan maaaring hindi nila malaman, hindi sila kasing epektibo, hindi kasing saya, o hindi palakaibigan bilang grupo na dapat silang maging. Alam mo kung ano ang gagawin. Ikumpisal mo ang kasalanan iyon kay Hesus at sa iyong mga magulang o sa pinagkakatiwalaang guro o pastor. Humiling ng pagpapatawad sa Diyos at panoorin ang nagagawa ng Kanyang pagpapatawad.

### **Basahin**

Walang takdang aralin na babasahin ngayong linggo.

